

Mapapalad ang mga di-marahas sapagkat mapapasakanila ang lupain.

Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katarungan sapagkat bubusugin sila.

Mapapalad ang mga maawain sapagkat kaaawaan sila.

Mapapalad ang mga may busilak na puso sapagkat makikita nila ang Diyos.

Mapapalad ang mga nagpupunyagi para sa kapayapaan sapagkat tatawagin silang mga anak ng Diyos.

Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katarungan sapagkat kanila ang Kaharian ng Langit.

Mapapalad kayo kung iniinsulto kayo at pinag-uusig at sinisiraang-puri dahil sa akin. Magsaya kayo at magalak sapagkat malaki ang gantimpalang nasa Diyos para sa inyo. Ganito rin pinag-usig ang mga propetang nauna sa inyo.



“Mapapalad ang mga nagluluksa sapagkat pagiginhawahin sila.”

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Leoncito A. Falcasantos, Jr. | Rev. Fr. Glen Frederick W. Quela

Pagmamasisi

Ano ang dapat kong gawin upang maging kalugod-lugod sa paningin ng Diyos? Nabibigyan ko ba ng tamang tulong ang mga taong nasa laylayan ng lipunan upang maibsan ang kanilang nararanasang kahirapan?

Paghahawi

Nang makita ni Jesus ang makapal na tipon ng mga tao, umahon siya sa bundok, nagsimulang magturo, at sinabi sa kanila, “Mapalad ang mga taong aba na may busilak na puso, sapagkat nasa kanila ang kaharian ng Diyos.”

Pagtatabas

May puso ba akong mapang-unawa sa aking kapwa? Sa pagkakataong may makatagpo akong nangangailangan, di ako mag-aatubiling tumulong ano man ang kalagayan niya sa buhay. Gayon din, ipinananalangin ko ang patnubay ng Espiritu Santo lalo na sa mga naisin nila sa araw-araw.

Pagsasaayos

Ang pagdarasal ang siyang pinakamainam na gawain na di dapat nating kalimutan sa araw-araw. Ipagkatiwala natin sa Kanya ang ating mga pangangailangan dahil hindi Niya tayo pababayaan. Siya ang ating gabay sa lahat ng yugto ng ating buhay.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa pagkakaloob ng pusong handang tumulong sa aming kapwa lalo na sa panahong sila ay kumakatok sa amin upang ilahad ang aming kamay sa kanila.



KAPISTAHAN NG PAGDADALA KAY JESUS NA PANGINOON SA TEMPLO

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 24:7, 8, 9, 10

*D'yos na makapangyariha'y
dakilang hari kailanman.*

Unang Pagbasa: Malakias 3:1-4

Ikalawang Pagbasa: Hebreo 2:14-18

Ebanghelyo: Lucas 2:22-40*

Nang dumating na ang araw ng paglilinis nila ayon sa Batas ni Moises, dinala ang sanggol sa Jerusalem para iharap sa Panginoon tulad ng nasusulat sa Batas ng Panginoon: *Lahat ng panganay na lalaki ay ituturing na banal para sa Panginoon.* Dapat din silang mag-alay ng sakripisyo tulad ng binabanggit sa Batas ng Panginoon: *isang pares na batubato o dalawang inakay na kalapati.* Ngayon, sa Jerusalem ay may isang taong nagngangalang Simeon; (...) Ipinaalam naman sa kanya ng Espiritu Santo na hindi siya mamamatay hangga't hindi niya nakikita ang Mesiyas ng Panginoon. Kaya pumunta siya ngayon sa Templo sa pagtutulak ng Espiritu, nang dalhin ng mga magulang ang batang si Jesus para tuparin ang kaugaliang naaayon sa Batas tungkol sa kanya.

Kinalong siya ni Simeon sa kanyang mga braso at pinuri ang Diyos, at sinabi: "Mapa-yayaon mo na ang iyong utusan, Panginoon, nang may kapayapaan ayon na rin sa iyong wika; pagkat nakita na ng aking mga mata ang

iyong pagliligtas na inihanda mo sa paningin ng lahat ng bansa, ang liwanag na ibubunyang mo sa mga bansang pagano at ang luwalhati ng iyong bayang Israel."

Nagtataka ang ama at ina ng bata sa mga sinasabi tungkol sa kanya. Pinagpala naman sila ni Simeon at sinabi kay Mariang ina ng bata: "Dahil sa kanya, babagsak o babangon ang mga Israelita at magiging tanda siya sa harap nila at kanilang sasalungatin. Kaya mahahayag ang lihim na pag-iisip ng mga tao. Ngunit paglalagusan naman ng isang punyal ang puso mo."

May isa ring babaeng propeta, si Ana na anak ni Panuel na mula sa tribu ng Aser. Matandang-matanda na siya. (...) Araw-gabi siyang sumasamba sa Diyos sa pag-aayuno at pananalangin. Walumpu't apat na taon na siya. Sa pag-akyat niya sa sandaling iyon, nagpuri rin siya sa Diyos at nagpahayag tungkol sa bata sa lahat ng naghihintay sa katubusan ng Jerusalem.

Nang matupad na ang lahat ng ayon sa Batas ng Panginoon, umuwi sila sa kanilang bayan, sa Nazaret sa Galilea. Lumalaki at lumalakas ang bata; napuspos siya ng karunungan at sumasakanya ang kagandahang-loob ng Diyos.

PARISH FIESTA:

Secondary Patroness: San Bartolome de Novaliches | Presentation of Our Lord Parish

Pagmamasiid

Naniniwala ka ba na may mga taong higit na pinagpala dahil sa kanilang pananampalataya na si Jesus ang bugtong na Anak ng Diyos?

Paghahawi

Sina Simeon at Ana ay mga taong matuwid at maka-Diyos na nagnais na makita ang tagapagliligtas bago sila pumanaw. Nang dumating ang araw ng pagtutuli, dinala ang sanggol na si Jesus sa Jerusalem para maging haing-panganay tulad ng nasusulat sa Batas ng Templo. Nang sandaling masilayan ni Simeon si Jesus, nasambit niya ang propesiyang nakalaan sa sanggol na siya namang pinagbulay-bulayan ni Maria sa kanyang puso.

Pagtatabas

Katulad ba ng pananampalataya nina Simeon at Ana ang ating pananampalataya? Nananalig ba tayo na maaring matupad ang ating mga pangarap sa buhay?

Pagsasaayos

Kaagapay ng tatag ng ating pananampalataya ay tiwala sa Diyos at mataimtim na pagdarasal. Ito rin ang siyang nagiging personal na uganayan natin sa Diyos. Kaya, mahalaga na mayroong tamang pagtingin sa hinihingi ng ating pananampalataya lalo na sa tungkulin natin bilang isang katoliko.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kami na araw-araw na tuparin ang Kalooban Niyo sa lupa para ng sa langit.

IKa-4 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti/Pula)
San Blas / San Ansgar

Salmo 86:1-2, 3-4, 5-6

Poon, sa aking dalangin ako sana'y iyong dinggin.



Unang Pagbasa:

2 Samuel 18:9-10, 14, 24-25a, 30—19:3

Ebanghelyo: Marcos 5:21-43*

(...) At may dumating na isang pinuno ng sinagoga na nagngangalang Jairo. Nagpatirapa ito sa kanyang paanan at pilot na ipinakiusap sa kanya: "Naghihingalo ang aking dalagita kaya halika para maligtas siya at mabuhay sa pagpapatong ng iyong mga kamay." Kaya umalis si Jesus kasama niya at sumunod din sa kanya ang mga tao na gumigitgit sa kanya. May isa namang babae na labindalawang taon nang dinudugo. (...) At nang mabalitaan niya ang tungkol kay Jesus, nilapitan niya ito sa likuran sa gitna ng mga tao at hinipo ang damit nito, sapagkat naisip niya: "Kung mahihipo ko lamang ang kanyang mga damit, gagaling na ako." At agad na naampat ang pag-agos ng kanyang dugo at naramdaman niyang gumaling na ang kanyang sakit.

Ngunit agad din namang nadama ni Jesus na may lakas na lumabas sa kanya kaya lumungon siya sa gitna ng mga tao at nagtanong: "Sino ang humipo sa mga damit ko?" Sumagot ang kanyang mga alagad: "Nakikita mo nang ginigitgit ka ng napakaraming tao. Bakit mo pa itatanong: Sino ang humipo sa akin?" At patuloy siyang tumingin sa paligid para makita kung sino ang gumawa nito.

Kaya lumapit na nanginginig sa takot ang babae. Namamalayan nga nito ang nangyari kaya lumapit ito at nagpatirapa sa harap niya at inamin sa kanya ang buong katotohanan.

At sinabi sa kanya ni Jesus: "Anak, iniligtas ka ng iyong pananalig. Humayo kang mapayapa at magaling ka na sa iyong sakit."

Nagsasalita pa si Jesus nang may dumating galing sa bahay ng pinuno ng sinagoga, at sinabi nila: "Patay na ang iyong anak na babae. Bakit mo pa iniistorbo ngayon ang Guro?" Ngunit hindi sila inintindi ni Jesus at sinabi sa pinuno: "Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang." At wala siyang pinayagang sumama sa kanya liban kina Pedro, Jaime at Juang kapatid ni Jaime.

Pagdating nila sa bahay, nakita niya ang kaguluhan: may mga nag-iiyakan at labis na nagtataghuayan. Pumasok si Jesus at sinabi: "Bakit nagkakagulo at nag-iiyakan? Hindi patay ang bata kundi natutulog lang."

At pinagtawanan nila siya. Ngunit pinalabas ni Jesus ang lahat, at ang ama at ina lamang nito ang isinama at ang kanyang mga kasamahan. Pagpasok niya sa kinaroroonan ng bata, hinawakan niya ito sa kamay at sinabi: "Talita kum", na ibig sabih'y "Nene, sinasabi ko sa iyo, bumangon ka." At noon di'y bumangon ang bata at nagsimulang maglakad. (...)

Pagmamasisid

Ang mga Santo ba ay may kapangyarihan magpagaling ng mga karamdaman? Kapag nahipo mo ba siya, sa palagay mo gagaling ka?

Paghahawi

Si Jairo na isang pinuno sa Sinagoga ay nagpatirapa sa harap ni Jesus upang makiusap na pagalingin ang kanyang anak na dalagita na naghihingalo. Sumama si Jesus sa kanya at habang nasa daan may nagbalita sa kanila na patay na ang bata. Ngunit sinabi ni Jesus na natutulog lamang ito. Doon nga ay nagwika siya ng "Talitha kum" at ang bata ay nakabangon. Sa paglalakbay nila may isang babaeng labindalawang taon nang dinudugo at hindi mapagaling ng alinmang doctor. Nakipagsiksikan siya sa maraming tao upang mahipo kahit man lang dulo ng damit ni Jesus. Noon din ay gumaling siya.

Pagtatabas

Naniniwala ako na ang tao ay maaring maging daluyan ng Diyos para sa kanyang pagpapagaling ng mga karamdaman. Isang karanasan ay nang sabihan ako ng aking guro noong High School na magpatingin sa doktor dahil nawari niyang may iniinda akong karamdaman. May pagdududa man sa aking kalooban ay ginawa ko rin ang kanyang payo. Doon nga ay nalaman at nagawan ng lunas ang aking karamdaman.

Pagsasaayos

Kumapit sa Diyos na pinagmumulan ng kagalingan at nakapagpapagaan ng ating mga pasanin sa buhay. Walang imposible sa Kanya. Magtiwala, magpasalamat, at magbigay puri sa Kanya, sapagkat alam Niya ang ating pangangailangan bago pa man natin ito sambitin.

Pagdiriwang

Salamat Ama sa mga biyayang ipinagkakaloob Niyo sa akin. Patuloy akong mananalig at magpupuri dahil ang lahat na mayroon ako ay nagmula sa Iyo.



Unang Pagbasa: 2 Samuel 24:2, 9-17

Ebanghelyo: Marcos 6:1-6

Pagkaalis ni Jesus sa lugar na iyon, pumunta siya sa kanyang bayan, kasama ng kanyang mga alagad. Nang sumapit ang Araw ng Pahinga, nagsimula siyang magturo sa sinagoga. Namangha silang lahat at nagsabi: "Ano't nangyari sa kanya ang lahat ng ito? Saan kaya galing ang karunungan ito na ipinagkaloob sa kanya, at saan din kaya galing ang mga himalang ito na nagagawa ng kanyang mga kamay? Di ba't siya ang karpintero? Ang anak ni Maria at kapatid nina Jaime, Jose, Simon at Judas? Hindi ba't narito sa piling natin ang lahat niyang kapatid na babae?" At bulag sila tungkol sa kanya.

Sinabi naman sa kanila ni Jesus: "Sa kanyang sariling bayan lamang, sa sariling kamag-anakan at sambahayan hinahamak ang isang propeta." At hindi niya nakayang gumawa ng himala roon. Ilang maysakit lamang ang pinagaling niya sa pagpapatong ng kamay. At namangha siya sa kawalan nila ng paniniwala.

Pagmamasisid

Naranasan ko na ba hamakin at pagtawanan ng sariling kamag-anak dahil sa sinasabi ko?

Paghahawi

Ang isang propeta ay iginagalang liban sa kanyang sariling bayan. ito rin ang naranasan ni Jesus at siya ay namangha sa kanilang kawalang pananampalataya. Kaya naman hindi siya nakagawa ng himala roon at nakapagpagaling lamang ng ilan sa pamamagitan ng pagpatong ng kanyang kamay.

Pagtatabas

Bakit mahirap paniwalaan ang isang tao kapag mababa ang kanyang pagkakakilanlan?

Pagsasaayos

Kung minsan, kahit gaano kabusilak ang kalooban ng isang gumagawa ng kabutihan ay nahuhusgahan pa rin lalo na kung idadamay pati ng pisikal na kaanyuan. Dito tayo tinatawag upang mas palalimin ang pagkilala sa kapwa lalo na sa pag-alam ng kanilang kalooban.

Kung pinagdududahan ang tagapagsalita, ipagdasal natin siya. Kung hinahamak ang tagapagsalita, ipagdasal natin siya. Dahil ang tunay na tagapagpahayag ay nagnanais ng pakikinig upang maibahagi ang mensahe ng Diyos. Kaya anumang di kanais-nais na karanasan, nawa ay makapagdulot ito ng pagbabago bilang pagpapatunay ng Kanyang kadakilaan.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo ako tuwing ako ang nagiging tagapagsalita upang katotohanan at kabutihan para sa nakikinig lamang ang ibinabahagi ko.

IKA-4 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Pula)

Santa Agata

1 Kronika 29:10, 11ab, 11d-12a, 12bkd

*D'yos na Makapangyarihan,
Panginoon ka ng tanan.*



Unang Pagbasa: 1 Hari 2:1-4, 10-12

Nang malapit nang mamatay si David, tinagubilinan niya ang kanyang anak na si Solomon: “Papunta na ako sa hantungan ng sangkalupaan. Magpakatatag ka’t magpakalalaki. Tuparin mo ang mga utos ni Yaweng iyong Diyos, lumakad sa kanyang mga daan at isabuhay ang kanyang mga tuntunin, mga utos, mga batas at mga deklarasyon, gaya ng nasusulat sa Batas ni Moises. At magtata-gumpay ka sa lahat mong gagawin at saan ka man pumunta. At tutuparin ni Yawe ang pangakong binitiwang niya sa akin: Kung pakakaingat ng iyong mga anak na lumakad sa harap ko sa katapatan at nang buo nilang puso’t kaluluwa, hindi ka mawawalan ng inapo sa trono ng Israel.

Nahimlay si David sa piling ng kanyang mga ninuno, at inilibing sa lunsod ni David. Apatnapung taong naghari si David sa Israel, pitong taon sa Hebron at tatlumpu’t tatlong taon sa Jerusalem. At lumuklok si Solomon sa trono ni David na kanyang ama, at naging matatag ang kanyang paghahari.

Ebanghelyo: Marcos 6:7-13

At tinawag niya ang Labindalawa at sinimulang isugo sila nang dala-dalawa. Binigyan niya sila ng kapangyarihan sa mga maruming espiritu. At sinabihan niya silang huwag magdala ng anuman para sa paglalakbay kundi tungkod lamang. Walang pagkain, walang pitaka o pera sa sinturon. Nakasandalyas at may isang damit lang.

At sinabi niya sa kanila: “Pagtuloy ninyo sa isang bahay, manatili kayo roon hanggang sa pag-alis ninyo mula roon. Kung may lugar na hindi tatanggap o makikinig sa inyo, umalis kayo roon at ipagpag ang alikabok sa inyong mga paa bilang sakdal sa kanila.”

At pag-alis nila, ipinangaral nila ang pagbabalik-loob. Maraming demonyo ang kanilang pinalayas at marami ring maysakit ang pinagaling nila sa pagpapahid ng langis.

Pagmamasiid

Gaano ako katapat sa atas na iniatang sa akin ng aking itinuturing na pinuno?

Paghahawi

Tinagubilinan ni Jesus ang labindalawang alagad. Sa kanilang paghayo, walang silang ibang dadalhin maliban sa kinakailangan sa paglalakbay. Sa sinumang tumanggap sa kanila, doon sila ay mangangaral, magpapagaling ng maysakit at magpapalayas ng demonyo. Sa sinumang hindi, babala ang kanilang iiwan.

Pagtatabas

Sa kabila ng kakulangan at pagsubok, mananatiling tapat ba ako sa iniatang sa aking tungkulin? Sa Diyos ko ba ipinagkakatiwala ng kabuuan ng aking misyon?

Pagsasaayos

Sa panahon na puno ng panlalamang sa kapwa at pag-abuso sa kapangyarihan, tinatawag tayo na maging radikal sa pagiging matatag sa katapatan at katotohanan. Dahil ang lahat ng ating misyon sa buhay ay nararapat lamang na magpahayag ng katotohanan at katapatan ng Diyos.

Pagdiriwang

Ama, gawin mo nawa akong instrumento ng iyong misyon para sa pagdadala ng iyong presensya sa buhay ng aking kapwa.



Unang Pagbasa: Sirac 47:2-11

Ebanghelyo: Marcos 6:14-29

Nabalitaan din ni Haring Herodes ang tungkol sa kanya sapagkat tumanyag na ang kanyang pangalan. May nagsasabing nabuhay si Juan Bautista mula sa mga patay kaya nagkakabisa sa kanya ang makalangit na kapangyarihan. Sinabi naman ng iba: "Si Elias nga ito," at ng iba pa: "Ito ay isang propeta gaya ng mga propeta noon." Nang mabalitaan ito ni Herodes ay sinabi niya: "Nabuhay nga sa mga patay si Juan na pinapugutan ko ng ulo."

Si Herodes nga ang nagpahuli kay Juan, at ipinakadena ito sa kulungan dahil kay Herodias na asawa ng kanyang kapatid na si Felipe. Pinakasalan ni Herodes si Herodias at sinabi ni Juan kay Herodes: "Hindi mo puwedeng kasamahin ang asawa ng iyong kapatid." Talaga ngang matindi ang galit ni Herodias kay Juan at gusto niya itong patayin pero hindi niya magawa. Iginagalang nga ni Herodes si Juan dahil itinuturing niya itong mabuti at banal na tao, kaya pinanatili niya itong buhay. Nalilito siya matapos makinig kay Juan, gayunma'y gusto pa rin niyang marinig ito.

At nagkaroon ng pagkakataon sa kaa-rawan ni Herodes nang maghanda siya para sa kanyang mga opisyal, mga pinuno ng hukbo at mahalagang tao ng Galilea. Pagpasok ng anak ni Herodias, nagsayaw ito at nasiyahan naman sa kanya si Herodes at lahat ng nasa handaan. Sinabi ng hari sa dalagita: "Ibibigay ko sa iyo ang anumang hingin mo." At sinumpaan pa niya ang pangakong ito: "Ibibigay ko sa iyo ang anumang hingin mo, kahit na ang kalahati ng aking kaharian." Lumabas ang anak at tinanong ang kanyang ina: "Ano ang hihingin ko?" At sumagot naman ito: "Ang ulo ni Juan Bautista." Agad niyang pinuntahan ang hari at sinabi: "Gusto kong ibigay mo agad sa akin ang ulo ni Juan Bautista sa isang bandeha."

Nabalisa ang hari ngunit ayaw niyang tumanggi dahil sa sinumpaan niyang pangako sa harap ng mga bisita. Kaya iniutos ng hari sa isa niyang guwardiya na dalhin ang ulo ni Juan. Pinugutan nito si Juan sa kulungan, inilagay sa isang bandeha ang kanyang ulo, ibinigay sa dalaga, at ibinigay naman ito ng dalaga sa kanyang ina. Nang mabalitaan ito ng mga alagad ni Juan, dumating sila para kunin ang kanyang katawan at inililing.

Pagmamasid

Kung punong-lingkod ako, gagawa ba ako ng hindi naaayon sa alituntunin ng aking katungkulan?

Paghahawi

Sa kaarawan ni Haring Herodes, nangako siya sa dalagitang sumayaw sa harap niya na ibibigay ang anumang hilingin nito. Sa udyok ng kanyang ina, hiningi nito ang ulo ni Juan Bautista. Bagamat alam ng hari na si Juan ay isang banal na tao, iniutos pa rin niyang pugutan ito.

Pagtatabas

Pipiliin ko ba ang udyok ng masama dahil ayaw ko lamang mapahiya, o maninindigan ako sa tama kahit kapalit nito ay pag-alimura sa aking paniniwala?

Pagsasaayos

Bilang pinuno ng isang samahan o pamayanan, kailangang pairalin ang tuwid na pakikisama sa kapwa at pagpapatupad ng alituntunin ng aking tungkulin. Bawal sa batas natin ang pumatay ng taong walang ginawa o sinabing masama.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, turuan Niyo kaming hindi maging makasarili, at mapahalagahan ang karapatan ng aming kapwa sa pamamagitan ng paglingkod sa bayan.

IKa-4 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria

Salmo 119:9, 10, 11, 12, 13, 14

Ang lahat ng 'yong tuntunin ay ituro mo sa akin.



Sabado

07 FEBRERO

Unang Pagbasa: 1 Hari 3:4-13*

(...) Nag-alay si Solomon ng sanlibong sinunog na handog sa altar na iyon. At kinagabihan, napakita si Yawe kay Solomon sa Gibeon sa isang panaginip at sinabi ng Diyos: "Hingin mo ang gusto mong ibigay ko sa iyo." Sumagot si Solomon: "Ipinakita mo sa iyong lingkod na si David na aking ama ang dakilang pag-ibig sapagkat matapat siyang naglingkod sa iyo, at naging matuwid at totoo sa iyo. (...) At ngayon, O Yaweng aking Diyos, pagpalain mo ang iyong lingkod bilang kahalili ni David na aking ama, bagamat ako'y maliit na bata lamang at walang alam gawin. (...) Kaya pagkalooban mo ang iyong lingkod ng pusong maunawain para pamunuan ang iyong bayan at para mapagpasyahan ko ang mabuti at masama. Sapagkat sino ang makapamumuno sa ganito kalaking bayan mo?"

Nasiyahan ang Panginoon at ang bagay na ito ang hiniling ni Solomon. At sinabi sa kanya ng Diyos: "Dahil ito ang iyong hiniling at hindi mahabang buhay o mga kayamanan para sa iyong sarili, o kamatayan ng iyong mga kaaway, kundi pagkaunawa ang hiningi mo para mapagpasyahan kung alin ang tama, ipagkakaloob ko ang iyong hinihiling. Binibigyan kita ngayon

ng isang pusong marunong at mapagsuri kaya wala kang makakatulad sa mga nauna sa iyo at wala nang lilitaw pang tulad mo sa mga susunod sa iyo. Ibinibigay ko rin sa iyo ang hindi mo hiningi, ang yaman at katanyagan kayat wala kang makakapantay sa mga hari habang ika'y nabubuhay.

Ebanghelyo: Marcos 6:30-34

Pagbalik ng mga apostol kay Jesus, isinilaysay nila sa kanya ang lahat nilang ginawa at itinuro. Sinabi naman niya sa kanila: "Tayo na sa isang ilang na lugar para mapag-isa tayo at makapagpahinga kayo nang kaunti." Sapagkat doo'y marami ang paroo't parito at hindi man lamang sila makakain. Kaya lumayo sila at namangka na sila-sila lang patungo sa ilang na lugar.

Ngunit nakita silang umalis ng ilan at nabalitaan ito ng marami. Kaya nagtakbuhan sila mula sa kani-kanilang bayan at nauna pang dumating na lakad kaysa kanila.

Pagdating ni Jesus sa pampang, nakita niya ang maraming taong nagkakatipon doon at naawa siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol. At nagsimula siyang magturo sa kanila nang matagal.

BIRTHDAY:

Rev. Fr. Glen Frederick W. Quela | Rev. Fr. Marvin G. Riquez

Pagmamasisid

Nakita mo na ba ang kapwa mong tila mga tupang ligaw, kaya ninais mong maging pastol nila?

Paghahawi

Nagpunta sa ilang na lugar sina Jesus at ang mga apostol upang makapag-isa at makapagpahinga ng kaunti. Nabalitaan ito ng mga tao kaya nagtakbuhan sila patungo kina Jesus. Nang makita ito ni Jesus, siya ay nahabag sa kanila na tila tupa na walang pastol. Doon siya ay nangaral at nagpakain sa kanila.

Pagtatabas

Kaya ko bang maging pastol tulad ni Jesus sa mga walang nagtuturo, nag-aaruga, o naliligaw ng landas?

Pagsasaayos

Tularan natin ang mga naging pastol natin sa buhay, tulad ng ating mga magulang, mabuting guro, o amo. Si Jesus ang mabuting pastol na siyang magdadala sa atin sa Kaharian ng Ama sa langit. Kailangang malaman natin ng maigi ang mga turo at aral niya upang maibahagi natin ito, at tayo rin ang maging pastol sa iba.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat na palagi Kayong kasama sa aming paglalakbay. Tulungan Niyo kaming mapalalim ang ugnayan namin sa Iyo at sa Ama.



**IKA-5 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 112:4-5, 6-7, 8-9 (4a)
*Siya ay sumisikat bilang liwanag
 sa mga matuwid.*

Unang Pagbasa: Isaias 58:7-10

Ibahagi ang iyong pagkain sa nagugutom, patuluyin ang mga dukhang walang masilungan, damitan ang nakikita mong hubad at huwag talikuran ang sarili mong dugo at laman.

At parang umagang magbubukanliwayway ang iyong liwanag, at ang paggaling mo'y agad na lilitaw. Ang pagkamuwid mo'y mangunguna sa iyo, Luwalhati ni Yawe ang tanod sa likod mo.

Tatawag ka at tutugunin ni Yawe, sisigaw ka at sasabihin niyang “Narito ako.” Kung aalisin mo sa iyong piling ang pamatok, ang nandudurong daliri at masasakit na salita, kung magmamalasakit ka para sa nagugutom at bibigyang-ginhawa ang mga api, ang liwanag mo’y magniningning sa karimlan, ang iyong gabi’y matutulad sa katanghaliang-tapat.

Ikalawang Pagbasa: 1 Corinto 2:1-5


Nang dumating ako sa inyo, mga kapatid, upang ipahayag sa inyo ang misteryosong balak ng Diyos, hindi ako gumamit ng mga matayog na pananalita o karunungan.

Talagang ipinasya kong walang malaman sa piling ninyo maliban kay Jesucristo na siyang ipinako sa krus. At ako ay mahina, takot at nangangatog nang husto noong pinuntahan ko kayo. Wala namang mapanghikayat na mga salita o karunungan sa aking pananalita at pahayag. Sa halip nagkaroon ng pagpapatunay ng espiritu at kapangyarihan upang huwag magmula ang pananampalataya ninyo sa karunungan ng tao kundi sa kapangyarihan ng Diyos.

Ebanghelyo: Mateo 5:13-16

Kayo ang asin ng mundo. Ngunit kung mawalan ng lasa ang asin, paano pa ito mapaaalat na muli? Wala na itong silbi. Itatapon na lamang at tatapakan ng mga tao.

Kayo ang ilaw ng mundo. Hindi maitatago ang lunsod na itinayo sa tuktok ng bundok. Hindi rin sinisindihan ang ilaw para takpan ng kahon, sa halip ay inilalagay ito sa isang lampara at tumatanglaw sa lahat ng nasa bahay. Gayundin naman ang inyong liwanag sa paningin ng mga tao; at makikita nila ang inyong mabubuting gawain at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit.



“Kayo ang ilaw ng mundo.”

Pagmamasid

Ano ang mabuting nagagawa ng asin at ilaw sa ating pang-araw-araw na buhay?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad: “Kayo ang asin ng mundo. Kung mawalan ng lasa ang asin, paano ito mapaalat na muli? Itatapon at tatapakan ito ng mga tao.

Kayo ang ilaw ng mundo. inilalagay ang ilaw sa isang lampara, at tumatanglaw sa lahat ng nasa bahay. Gayundin ang inyong liwanag. Makikita ng mga tao ang inyong mabubuting gawain, at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit.”

Pagtatabas

Nagagawa ba natin ang tunay na kabuluhan natin sa buhay tulad ng isang asin at ilaw?

Pagsasaayos

Bilang asin, nakapagbibigay ba tayo ng pag-asa at saya sa mga taong kaharap natin? Bilang ilaw, nakapagbibigay ba tayo ng liwanag at pang-unawa sa mga taong nalilito o nagduda sa tunay na may halaga sa buhay?

Sikapin natin na maging asin at liwanag sa ating kapwa. Kung nahihirapan tayo, isama natin ito sa ating panalangin kay Jesus at sa ating Ama.

Pagdiriwang

Ama, panalangin namin na maging asin at liwanag sa mga nangangailan naming kapwa.

Lunes
PEBRERO

09



**IKA-5 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHON**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 132:6-7, 8-10
*Poong Makapangyarihan,
kami'y iyong panahanan.*

Unang Pagbasa: 1 Hari 8:1-7, 9-13

Tinipon ni Solomon sa kanyang harap sa Jerusalem ang mga matatanda ng Israel at lahat ng pinuno ng mga tribu at ang mga ama ng mga angkan ng mga Israelita para iahon ang Kaban ng Tipan ni Yawe mula sa Sion na lunsod ni David. Nagtipon ang lahat ng Israelita kay Haring Solomon sa panahon ng piyesta sa buwan ng Etanim na ikapitong buwan. Dumating ang lahat ng matatanda ng Israel, binuhat naman ng mga pari ang Kaban at dinala itong kasama ng Toldang Tagpuan at lahat ng sagradong kagamitang narito. Dinala ng mga pari at mga Levita ang mga iyon. At si Haring Solomon at ang buong pamayanan ng Israel na nagtipon sa kanya sa harap ng Kaban ay nag-alay ng mga tupa at baka na hindi mabilang sa dami.

Inilapag ng mga pari ang Kaban ng Tipan ni Yawe sa lugar nito sa santuwaryo ng Bahay sa Kabanal-banalang Lugar sa ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin. Nakabuka ang mga pakpak ng mga kerubin sa lugar ng Kaban, at lumililim naman sa Kaban at sa mga pasanan nito.

Walang nasa Kaban liban sa dalawang tapyas na bato na inilagay dito ni Moises sa Horeb nang makipagtipan si Yawe sa mga Israelita sa paglabas nila mula sa lupain ng Ehipto. Pag lumalabas ang mga pari mula sa Banal na Lugar, napupuno ng ulap ang Bahay ni Yawe. Kaya hindi naipagpapatuloy ng mga pari ang kanilang paglilingkod sapagkat napupuno ng luwalhati ni Yawe ang kanyang Bahay. At sinabi ni Solomon: "Sinabi ni Yawe na mananahan siya sa makapal na ulap. Itinayo ko ngayon para sa iyo ang Bahay na tahanan mo, isang lugar na pananahanan mo magpakailanman."

Ebanghelyo: Marcos 6:53-56

Pagkatawid nila, dumating sila sa pampang ng Genesaret at doon nila isinadsad ang bangka. Paglunsad nila ng bangka, nakilala si Jesus ng mga tagaroon at patakbo nilang ipinamalita ito sa lupaing iyon. Kaya dinala nila ang mga maysakit na nasa highaan kung saan nila mabalitaang naroon siya. At saanman siya lumakad, sa mga nayon man o sa bayan o sa bukid, inilagay nila sa mga liwasan ang mga maysakit at nakikiusap sa kanya na mahipo man lamang sana nila ang laylayan ng kanyang damit, at gumaling ang lahat ng humipo rito.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Reynaldo S. Tano, MGL

Pagmamasisid

Sa panahon na may karamdaman tayo, doktor lang ba ang ating tinatawag at pinupuntahan?

Paghahawi

Sinusundan si Jesus ng mga tao kahit noong dumating sila ng kanyang mga alagad sa Genesaret. Doon ay hinling nila ang kanyang pagpapagaling, kahit ang pagkakataon na mahawakan man lamang ang laylayan ng kanyang damit. Nakamtan naman ito ng mga lumapit kay Jesus.

Pagtatabas

Malalim ba ang aking pagtitiwala kay Jesus, ang dakilang manggagamot? Humihiling ba ako ng kagalingan sa Kanya kapag may sakit ako?

Pagsasaayos

Nakararanas tayo ng iba't ibang klase ng karamdaman. Karamihan ay pisikal, ngunit ang iba ay maaring emotional, mental, o kahit espirituwal. Lumapit tayo kay Jesus, gayundin ay hilingin natin na ang mga doktor o eksperto na ating napupuntahan ay maging instrumento nawa ng kanyang mapagpagaling na kamay.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa iyong Anak na si Jesus na nagdudulot ng aming kagalingan. Nawa ay magawa rin naming pag-alayan ng panahon yaong mga taong nasa banig ng karamdaman.

IKA-5 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Santa Escolastica

Salmo 84:3, 4, 5 at 10, 11

*Ang templo mo'y aking mahal,
D'yos na Makapangyarihan.*



Martes
10 FEBRERO

Unang Pagbasa:

1 Hari 8:22-23, 27-30

Ebanghelyo: Marcos 7:1-13

Nagkatipon sa paligid ni Jesus ang mga Pariseo at ilan sa mga guro ng Batas na galing sa Jerusalem.

Napansin nila na kumakain ang ilan sa mga alagad niya nang may maruming kamay, na hindi naghuhugas ayon sa sere-monya. Sinusunod nga ng mga Pariseo pati na ng mga Judio ang tradisyon ng kanilang mga ninuno at hindi sila kumakain nang hindi muna naghuhugas ng mga kamay. At hindi rin sila kumakain ng anumang galing sa palengke nang di muna ito nililinis, at marami pa'ng dapat nilang tuparin, halimbawa'y ang paglilinis ng mga inuman, mga kopa at pinggang tanso.

Kaya tinanong siya ng mga Pariseo at mga guro ng Batas: "Bakit hindi isinasabuhay ng iyong mga alagad ang tradisyon ng mga ninuno? Hindi nga sila naghuhugas ng kamay bago kumain."

At sinabi sa kanila ni Jesus: "Tama ang propesiya ni Isaias tungkol sa inyong mga mapagkunwari. Nasusulat na *"Pinararangalan ako ng mga ito sa kanilang labi, at malayo naman sa akin ang kanilang mga puso. Walang silbi ang kanilang pagsamba sa akin at kautusan lamang ng tao ang kanilang itinuturo."*

Pinabayaan nga ninyo ang utos ng Diyos para itatag ang tradisyon ng mga tao."

At sinabi ni Jesus: "Mahusay na pinawalang-bisa ninyo ang salita ng Diyos para tuparin ang inyong tradisyon. Sinabi nga ni Moises: *'Igalang mo ang iyong ama at ina', at 'patayin ang sinumang sumumpa sa kanyang ama o ina.'* Ngunit ayon sa inyo, masasabi ninuman sa kanyang ama o ina, "Inilaan ko na para sa Templo ang maaasahan ninyo sa akin." At hindi na ninyo siya pinapayagang tumulong sa kanyang ama o ina. Kaya pinawalang-bisa ninyo ang salita ng Diyos sa tulong ng sarili ninyong tradisyon. At marami pa ang mga ginagawa ninyong ganito."

Pagmamasiid

Ang mga sinasabi ko ba ay galing sa aking puso?

Paghahawi

Ipinalaala ni Jesus sa mga Pariseo at guro ng batas ang propesiya ni Isaias ukol sa ugaling mapagkunwari: "Pinaparangalan niyo ako sa labi, ngunit malayo ang puso niyo sa akin".

Pagtatabas

Mapagkunwari ba tayo sa ating sinasabi, ayon sa propesiya ni Isaias na binanggit ni Jesus?

Pagsasaayos

Ang pagsunod natin kay Jesus ay kailangang hindi sa panlabas na anyo lamang, pakitang taong pagkilos, o pabalat-bunga lamang na salita. Narapat na taos sa puso ang ating sinasabi, lalo na kung nagbabahagi tayo ng mga turo at aral ni Jesus. Higit sa lahat, nawa ay nararanasan natin ito sa atin buhay.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Niyo kami sa pagsasabuhay lagi ng turo at aral Mo.



IKA-5 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)
Mahal na Birheng Maria ng Lourdes

Salmo 37:30-31, 39-40
*Madiwa kapag nangusap
ang mga mat'wid at ganap.*

Unang Pagbasa: 1 Hari 10:1-10*

Nabalitaan ng reyna ng Seba ang katan-yagan ni Solomon, kayat pinuntahan niya ito para subukin sa mabibigat na katanungan. (...) Nang humarap siya kay Solomon, sinabi niya ang lahat niyang iniisip at sinagot naman ni Solomon ang lahat ng kanyang tanong. Walang hindi naipaliwanag sa kanya ang hari. At nang makita ng reyna ng Seba ang lahat ng karunungan ni Solomon, ang palasyong itinayo nito, at ang pagkain sa kanyang hapag, ang tirahan ng mga opisyal, ang pagsisilbi ng mga lingkod at ang kanilang mga suot, ang mga tagapagdulot niya ng inumin pati ang mga sinunog na handog na inialay ng hari sa Bahay ni Yawe, halos hindi siya makahinga.

At sinabi niya sa hari: "Totoo ang nabalitaan ko sa aking lupain tungkol sa iyo at sa iyong karunungan. Ngunit hindi ko pinaniwalaan ang mga balitang ito. (...) Purihin si Yaweng iyong Diyos na nasisiyahan sa iyo at iniluklok ka sa trono ng Israel! Dahil sa pag-ibig ni Yawe sa Israel magpakailanman, ginawa ka niyang hari upang maggawad ng katarungan at pagka-matuwid." (...)

Ebanghelyo: Marcos 7:14-23

Kaya tinawag ni Jesus ang mga tao at sinabi sa kanila: "Pakinggan ako at unawain sana ninyong lahat. Hindi ang pumapasok sa tao mula sa labas ang nakapagpaparumi sa kanya kundi ang lumalabas sa tao ang nakapagpaparumi sa kanya. Makinig ang may tainga."

Pagkalayo ni Jesus sa mga tao, nang nasa bahay na siya, tinanong siya ng kanyang mga alagad tungkol sa talinhagang ito. At sinabi niya: "Wala rin ba kayong pang-unawa? Hindi ba ninyo nauunawaan na sa bituka pumupunta ang anumang pumapasok sa tao mula sa labas? Sapagkat hindi sa puso ito pumapasok kundi sa tiyan at pagkatapos ay itinatapon sa labas."

(Sa gayo'y sinabi niya na malinis ang tanang mga pagkain.)

At idinagdag niya: "Ang lumalabas sa tao ang nagpaparumi sa tao. Sa puso nga ng tao nagmumula ang masasamang hangarin – ka-halayan, pagnanakaw, pagpatay sa kapwa, pakikiapid, kasakiman, kasamaan, pandaraya, kalaswaan, pagkainggit, paninira, kapalaluan, kabuktutan. Ang masasamang bagay na ito ang nagpaparumi sa tao.

PARISH FIESTA: Our Lady of Lourdes Parish

Pagmamasid

Anu-ano ang nagpaparumi sa atin bilang tao?

Paghahawi

Winika ni Jesus sa mga alagad: "Sa puso ng tao nagmumula ang masamang hangarin - kahalayan, pagnanakaw, pagpatay sa kapwa, pakikiapid, kasakiman, kasamaan, pandaraya, kalaswaan, pagkainggit, paninira, kapalaluan, kabuktutan. Ang masasamang bagay na ito ang nagpaparumi sa tao."

Pagtatabas

Anong mga hangarin ang nasa kaibuturan ng aking puso, mabuti o masama?

Pagsasaayos

Madaling maaliss ng paligo ang anumang panlabas na dumi ng ating katawan tulad ng alikabok at pawis. Ang maruming pagkain ay napupunta sa tiyan at inilalabas mula sa bituka.

Mas mahirap mabago ang mga hangarin at gawa na taliwas sa Kalooban ng Diyos at nagdadala sa atin sa kapamahakan. Ang pagbabago ay nangangailangan ng panalangin at tulong ng Diyos, bukod pa sa pagpupunyagi na mapadalisay ang ating hangarin at gawa para sa ating kapwa.

Pagdiriwang

Ama, dalisayin Ninyo ang aming puso ng pagmamahal, kapayapaan, galak, kabutihan, katapatan, tiyaga, kababaang-loob at pagtitimpi, upang maipamalas ito sa aming kapwa.

**IKA-5 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 106:3-4, 35-36, 37 at 40
*Panginoong masintahin,
ang bayan mo'y gunitain.*



Huwebes
12 FEBRERO

Unang Pagbasa: 1 Hari 11:4-13*

(...) Nagalit si Yawe kay Solomon sapagkat lumayo ang puso nito kay Yaweng Diyos ng Israel. Dalawang beses na napakita si Yawe sa kanya at inutusan siyang huwag sumunod sa ibang mga diyos. Ngunit hindi niya tinupad ang utos ni Yawe.

Kaya sinabi ni Yawe kay Solomon: "Dahil ganito ang iginawi mo at hindi mo tinupad ang aking Tipan at ang aking mga tuntunin na iniutos ko sa iyo, aagawin ko sa iyo ang kaharian at ibibigay ito sa iyong tagapaglingkod. Alang-alang lamang kay David na iyong ama kaya hindi ko ito gagawin sa iyong panahon kundi sa kamay ng iyong anak ko ito aagawin. Ngunit hindi ko aagawin sa kanya ang buong kaharian. Isang tribu ang ibibigay ko sa iyong anak alang-alang kay David na aking lingkod at sa Jerusalem na aking pinili."

Ebanghelyo: Marco 7:24-30

Pagkaalis sa lugar na iyon, lumayo si Jesus patungo sa hangganan ng Tiro. Pumasok siya roon sa isang bahay at kahit na ayaw niya itong malaman ninuman, hindi ito nalihim. May isang babaeng nakabalita tungkol sa kanya. Inaalihan ng maruming espiritu ang kanyang dalagita kaya pumunta siya at nagpatirapa sa kanyang paanan. Isa siyang paganong taga-Sirofenicia. At ipinakiusap niya kay Jesus na palayasin ang demonyo sa kanyang anak.

Sinabi naman ni Jesus sa kanya: "Bayaan mo munang mabusog ang mga anak. Hindi tama na kunin ang tinapay sa mga bata at itapon ito sa mga tuta." Sumagot ang babae: "Totoo nga, Ginoo, pero kinakain ng mga tuta sa ilalim ng mesa ang mga nalalaglag mula sa mga bata." At sinabi sa kanya ni Jesus: "Dahil sa sinabi mong ito, lumabas na sa iyong anak na babae ang demonyo." Kaya umuwi ang babae at nakita niya ang bata na nakahiga sa kama; lumabas na nga ang demonyo.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Tomas F. Flores, Jr.

Pagmamasiid

Nakarinig ka na ba ng taong inalihan ng maruming espiritu? Paano pinaalis ito sa tao?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa paganong babaeng nakiusap na palayasin ang demonyo sa kanyang anak: "Hindi tama na kunin ang tinapay sa mga bata at itapon ito sa mga tuta."

Sumagot ang babae: "Pero kinakain ng mga tuta sa ilalim ng mesa ang mga nalalaglag mula sa mga bata." Wika ni Jesus: "Dahil sa sinabi mong ito, lumabas na sa iyong anak na babae ang demonyo." Nang umuwi ang babae, nakita niya na lumabas ang demonyo sa kanyang anak.

Pagtatabas

Tulad ng ina sa Ebanghelyo, nanalig din ba ako na paalisin ni Jesus ang demonyo sa isang tao?

Pagsasaayos

Si Jesus, Diyos Anak, ay may kapangyarihan na pagalingin ang mga maysakit at palayain taong inalihan ng demonyo. Dahil sa pananalig ng inang pagano, o hindi tagasunod ni Jesus, ginawa Niya ang hiling nito.

Sa Diyosesis ng Novaliches, may inatasan ang Obispo na paring nagsanay sa pagpapaalis ng demonyo sa tao.

Pagdiriwang

Ama, salamat at isinugo Niyo ang Panginoon Jesus. Pagtibayin Niyo ang aming pananalig sa Inyo.



Unang Pagbasa:

1 Hari 11:29-32; 12:19

Nang minsang lumabas si Yeroboam mula sa Jerusalem, nasalubong niya sa daan ang propetang si Ahias na taga-Silo na may suot na bagong kapa. Silang dalawa lamang ang nasa bukid.

Hinawakan ni Ahias ang bagong kapang suot niya at pinunit sa labindalawang piraso. At sinabi nito kay Yeroboam: "Kunin mo ang sampung piraso sapagkat ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel: Tingnan mo, malapit ko nang agawin ang kaharian sa mga kamay ni Solomon at ibibigay ko sa iyo ang sampung tribu. Isang tribu lamang ang maiiwan sa kanya alang-alang sa aking lingkod na si David at sa Jerusalem na lunsod na pinili ko sa lahat ng tribu ng Israel.

Kayat naghimagsik ang Israel sa angkan ni David hanggang sa panahong ito.

Ebanghelyo: Marcos 7:31-37

Umalis si Jesus sa lupain ng Tiro at dumaan sa Sidon papunta sa lawa ng Galilea. Pagdating niya sa lupain ng Decapolis, may mga nagdala sa kanya roon ng isang bingi na halos di makapagsalita. At hiniling nila kay Jesus na ipatong dito ang kamay.

Matapos siyang ihiwalay ni Jesus sa mga tao, inilagay niya ang kanyang daliri sa tainga ng tao at dumura at saka hinipo ang kanyang dila. At tumingala siya sa langit, nagbuntung-hininga at sinabi: "Ephphata," na ang ibig sabih'y "Buksan". Nabuksan ang mga tainga ng tao at biglang nakalag ang dila niyang nakabuhol kaya nakapagsalita siya nang tuwid.

Tinagubilinan sila ni Jesus na huwag sabihin ito kaninuman ngunit habang pinagbabawalan sila, lalo naman silang nagpapahayag. Labis na namangha ang mga tao at sinabi nila: "Pinaiigi niya ang lahat: nakaririnig ang bingi at nakapagsasalita ang pipi."

DATE OF ESTABLISHMENT: 2015, St. Paul of the Cross Parish

Pagmamasisid

Ako rin ba ay nagiging pipi at bingi lalo na sa kasalukuyang kalagayan ng aking bayan at pamayanan?

Paghahawi

May mga nagdala kay Jesus ng isang bingi na di halos makapagsalita. Inilagay ni Jesus ang Kanyang daliri sa tainga ng tao, dumura, at hinipo ang kanyang dila. Tumingala siya sa langit, at sinabi: "Mabuksan". Nabuksan ang mga tainga ng bingi, at biglang nakapagsalita siya nang tuwid.

Pagtatabas

Paano ko nakikita ang kalunasan sa pagiging pipi at bingi? Kanino ako lumalapit?

Pagsasaayos

Ang pagiging pipi o bingi ay di lamang isang pisikal na kalagayan. Maraming kailangang marinig o makarinig ngunit tinatakpan ang taynga. maraming dapat isiwalat o sambitin ngunit mas pinipiling manahimik. Tayong lahat ay may tungkulin na maging bibig at taynga ng Diyos lalo na sa mga hinaing ng ating kapwa na naabuso o nahihirapan sa buhay.

Pagdiriwang

Ama, buksan mo ang aming bibig upang mapapurihan ka sa aming salita. Buksan mo ang aming taynga upang mas marinig namin ang iyong kalooban na siya naming susundan.

IKA-5 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

San Cirilo at San Metodio

Salmo 106:6-7ab, 19-20, 21-22

*Panginoong masintahin,
ang bayan mo'y gunitain.*



Sabado
14 FEBRERO

Unang Pagbasa:

1 Hari 12:26-32; 13:33-34*

Ebanghelyo: Marcos 8:1-10

Nang mga araw na iyon, marami rin ang sumama sa kanya at wala silang makain. Kaya tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila: "Labis akong naaawa sa mga taong ito, pangatlong araw ko na silang kasama at wala nang makain at kung paalisin ko silang gutom, baka mahilo sila sa daan. Galing pa sa malayo ang ilan sa kanila."

Sumagot ang kanyang mga alagad: "At paano naman makakakuha ng tinapay para pakainin sila sa ilang na ito?" Tinanong sila ni Jesus: "Ilan bang tinapay meron kayo?" Sumagot sila: "Pito."

Pinaupo ni Jesus sa lupa ang mga tao, kinuha ang pitong tinapay at nagpasalamat sa Diyos. Pinagpira-piraso niya ang mga ito at ibinigay sa kanyang mga alagad para ihain; at inihain nila ang mga ito sa mga tao. Meron din silang ilang isda. Binasbasan ito ni Jesus at iniutos na ihain din ang mga ito.

Kumain sila at nabusog at inipon ang mga natirang pira-piraso – pitong bayong. Apat na libo ang naroon, at saka sila pinauwi ni Jesus. Agad siyang sumakay sa bangka kasama ang kanyang mga alagad at pumunta sa lupain ng Dalmanuta.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Roy M. Maliglig

DATE OF ESTABLISHMENT: 1983, Holy Cross Parish

Pagmamasid

Naranasan mo na ba na kulangin ang pagkain nakahanda mo para sa mga dumating na panauhin?

Pagbahawi

Libo-libong tao ang sumunod kay Jesus at sa kanyang mga alagad. Nasa malayong lugar na sila nang masilayan Niya ang kanilang kalagayan na gutom at pagod. Siya ay labis na nahabag. Limitado lamang ang kanilang dalang pagkain subalit ito ay naparami mula sa pitong tinapay at ilang bakol ng isda na binasbasan ni Jesus at ibinahagi sa pamamagitan ng kanyang mga alagad. Apat na libong katao ang nabusog.

Pagtatabas

Kailan ko naranasan na mabusog sa pagkain na ibinigay ni Jesus?

Pagsasaayos

Ang pagkain sa mundong ito ay makapupukaw sa ating pisikal na pangangailangan. Ngunit ang gutom ay may iba't ibang mukha. Nawa ang tunay na pagkabusog ay masumpungan natin kay Jesus. Katulad ng kanyang mga alagad, maibahagi din nawa natin ang biyaya ng kanyang sakripisyo lalo na sa mga nangangailangan nating mga kababayan.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa mabuting taong tumutulong sa aming kagutuman. Nawa, makabahagi rin kami ng pagkain sa kapwang nagugutom din.

Narinig na ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno: Huwag kang papatay; ang sinumang pumatay ay lilitisin. Sinasabi ko naman sa inyo: Ang sinumang magalit sa kanyang kapatid ay lilitisin. Ang sinumang manuya sa kanyang kapatid ay lilitisin sa Sanggunian. At ang sinumang manghiya sa kanyang kapatid ay nararapat lamang itapon sa apoy ng impiyerno. Kaya sa paglalagay mo sa altar ng iyong hain at naalaala mong may reklamo sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong hain sa harap ng altar at puntahan mo ang iyong kapatid para makipagkasundo sa kanya. At saka ka bumalik at ijalay ang iyong hain sa Diyos.


Makipagkasundo na sa iyong kaaway habang papunta pa kayo sa hukuman, at baka ipaubaya ka niya sa hukom na magpapaubaya naman sa iyo sa pulisya na magkukulong sa iyo. Talagang sinasabi ko sa iyo: hindi ka makalalabas hangga't di mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo.

Narinig na ninyo na sinabing: Huwag kang makiapid. Ngunit sinasabi ko naman sa inyo: ang sinumang tumingin nang may pagnanasa sa isang babae ay nakiapid na rin sa kanyang puso.

Kaya kung ang iyong kanang mata ang nagbubuyo sa iyo sa kasalanan, alisin mo ito at itapon! Makabubuti pa sa iyo na mawalan ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa matapon ang buo mong katawan sa impiyerno. Kung ang iyong kanang kamay naman ang nagbubuyo sa iyo sa kasalanan, putulin mo ito at itapon! Mas makabubuti sa iyo ang mawalan ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa matapon ang buo mong katawan sa impiyerno.

Sinabi rin namang: *Kung may makikipagdiborsiyo sa kanyang maybahay, bigyan niya ito ng katibayan.* Ngunit sinasabi ko sa iyo: kung may magpaalis sa kanyang maybahay sa ibang dahilan maliban sa kawalang-katapatan, pinapakiapid niya ito. At nakikiapid din ang nagpapakasal sa babaeng diborsiyada.

Narinig na rin ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno: *Huwag kang sisira sa iyong sinumpaang pangako sa Panginoon.* Ngunit sinasabi ko naman sa inyo: huwag kayong manumpa sa ngalan ng Langit pagkat *naroon ang trono ng Diyos*, ni sa ngalan ng lupa pagkat ito ang tuntungan ng kanyang mga paa, ni sa ngalan ng Jerusalem pagkat *ito ang lunsod ng Dakilang Hari.* Huwag kang manumpa ni sa ngalan ng iyong ulo pagkat ni hindi mo kayang paputiin o paitimin ni isang hibla ng iyong buhok. Sabihin mong oo kung oo at *hindi* kung hindi. Ano pa mang sasabihin mo'y sa demonyo na galing.



“Ngunit kung may magsagawa at magturo ng mga ito sa mga tao, magiging dakila siya sa Kaharian ng Langit.”

DATE OF ESTABLISHMENT:

2018, Santo Kristo Parish | 1997, Immaculate Conception Parish | 1994, San Jose Amang Mapagkalinga

Pagmamaisid

Sumusunod at itinuturo ko ba ang mga batas ng bansa?

Pagbahawi

Si Jesus ang kaganapan ng Batas at ng mga Propesiya. Dumating siya sa mundong ito upang mapag-ugnay ang mga ito sa mismong pagkatao niya. Ang tunay na pagsunod ay pagiging isa natin kay Hesus. Ang lumabag ang siya namang pagiging pinakamaliit sa Kaharian ng Langit.

Pagtatabas

Isinasabuhay at itinuturo ko ba ang Batas ng Diyos?

Pagsasaayos


Ang pagsunod sa Batas ng Tao ay bunga ng pagsunod sa Batas ng Diyos. Hindi ito mapaghihiwalay dahil magiging pagbabalakayo lamang ito gaya ng mga pariseo kung di isasabuhay ng may kabuuan.

Gayundin, ang pagsasabuhay ng tunay na pagsunod ay makikita sa pakikipagkapwa. Sila ang nagiging mukha ng Batas at Propesiya, na siya ring mukha ni Hesus sa ating kasalukuyang panahon.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, bigyan Niyo ako ng lakas pang-espirituwal at katawan, upang maipagpatuloy ang pagbabahagi ng Inyong turo at aral sa aking kapwa.

Lunes
PEBRERO
16



**IKA-6 NA LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 119:67, 68, 71, 72, 75, 76
*Poon, ako'y kahabagan
upang mabuhay kailanman.*

Unang Pagbasa: Jaime 1:1-11

Bati ni Jaime, na lingkod ng Diyos at ng Panginoong Jesucristo, sa labindalawang tribu na nakakalat sa iba't ibang bansa.

Ituring ninyong tunay na kaligayahan, mga kapatid, tuwing magdaranas kayo ng iba't ibang pagsubok. Alam nga ninyo na sa pagsubok sa inyong pananampalataya kayo magiging matatag. At kailangang maging ganap ang katatagan ng inyong pananampalataya upang kayo'y maging ganap at perpekto at walang pagkukulang sa ano man.

Kinukulang ba ng karunungan ang isa sa inyo? Humingi siya sa Diyos na masagana at kusang loob na namimigay sa lahat at pagkakalooban siya. Pero humingi siya nang may tiwala; huwag siyang mag-alinlangan at matulad sa alon sa dagat na tinatangay at ipinapadpad ng hangin. Huwag isipin ng gayong tao na tatanggap siya ng anuman sa Panginoon; ito'y taong hati ang puso na laging nag-uurong-sulong sa kanyang ginagawa.

Magmapuri nawa ang abang kapatid kung pataasin siya, at ang mayaman naman kung ibaba pagkat lilipas siyang gaya ng bulaklak ng damo. Pagsikat at pag-init ng araw, natutuyo ang damo, nalalagas ang bulaklak at nawawala ang ganda nito. Gayon din malalanta ang mayamang may mahalagang negosyo.

Ebanghelyo: Marcos 8:11-13

Dumating ang mga Pariseo at nagsimulang makipagtalo sa kanya. Gusto nilang subukan si Jesus at humingi ng isang makalangit na tanda. Nagbuntung-hininga siya at sinabi: "Bakit humihingi ng palatandaan ang lahing ito? Talagang sinasabi ko sa inyo: walang tandang ibibigay sa lahing ito." Kaya iniwan sila ni Jesus at sumakay sa bangka patawid sa kabilang ibayo.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Rogelio S. Positar

Pagmamasiid

Naranasan mo na bang hingan ka ng kausap mo ng tanda na totoo ang sinasabi mo? Anong naramdaman mo?

Paghahawi

Matapos subukin ng mga Pariseo si Jesus na magbigay ng makalangit na tanda, sinagot Niya sila: "Walang tandang ibibigay sa lahing ito."

Pagtatabas

Naglalaan ba tayo ng sandali upang namnamin at pagnilayan ang mga kaganapan sa ating buhay? Tulad ng mga pastol, niluluwalhati at pinupuri ba natin ang mga ito sa Diyos?

Pagsasaayos

Kilala ang mga Pariseo sa Bagong Tipan na laging sinusubukan ang Panginoong Jesus sa kanilang mga tanong. Kaya, humihingi sila ng makalangit na tanda sa sinasabi Niya sa mga tao.

Ang pananalig sa Diyos isang handog at grasya mula sa Kanya. Sa ating pag-aaral sa buhay ni Jesus at personal na karanasan at pagkilala sa Kanya, wala tayong nakikitang masama na ginawa Niya at itinuro sa atin.

Sa halip, namamangha tayo gaano kalim at dalisay at pag-ibig Niya sa Ama at sangkatauhan. May mga tagasunod ni Jesus na maaaring hihingi ng tanda kung tama ang kanilang ginagawa, hindi kung totoong Diyos Anak Siya.

Pagdiriwang

Ama, nawa manatili kaming nanalig sa Inyo at sumusunod sa Inyong Kalooban na walang hinihinging tanda, hanggang sa huling sandali ng aming buhay sa lupa.

IKa-6 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti)

Ang Pitong Banal na Tagapagtatag ng
Orden ng mga Lingkod ng Mahal na Birhen

Salmo 94:12-13a, 14-15, 18-19

Mapalad ang tumatangap ng aral
ng Poong tapat.



Martes
17 FEBRERO

Unang Pagbasa: Jaime 1:12-18

Mapalad ang taong nagtitiis ng pagsubok; pagkasubok sa kanya, puputungan siya ng buhay na ipinangako ng Diyos sa mga nagmamahal sa kanya. Huwag namang sabihin ng natutukso: "Tinutukso ako ng Diyos." Hindi nga matutukso ang Diyos ng sinumang masama at hindi siya nanunukso sa kaninuman. Tinutukso ang bawat isa sa paghila at paghikayat sa kanya ng sarili niyang nasa. Pagkapaglihi ng nasa, ipinapanganak nito ang kasalanan; paglaki naman ng kasalanan ay nagdudulot ito ng kamatayan.

Kayat mga kapatid kong minamahal, huwag sana kayong mamali. Nagmumula sa itaas ang lahat ng mabuting kaloob at ganap na regalo; nagbubuhay ito sa Amang nasa kaliwanagan, na hindi nagbabago ni paibaiba. Kusang-loob niya tayong ipinanganak sa salita ng katotohanan upang tayo'y maging pinakapiling bahagi ng kanyang mga kinapal.

Ebanghelyo: Marcos 8:14-21

Nakalimutan nilang magdala ng tinapay at isa lang ang dala nila sa bangka. At pinagsabihan sila ni Jesus: "Mag-ingat at huwag magtiwala sa lebadura ng mga Pariseo at sa lebadura ni Herodes." At sinabi ng mga alagad sa isa't isa: "Oo nga, ano? Wala tayong dalang tinapay."

Alam ni Jesus ang mga ito kaya sinabi niya sa kanila: "Bakit ninyo pinag-uusapan ang tinapay na wala sa inyo? Hindi pa ba ninyo maisip at maunawaan? Mapurol ba ang inyong pag-iisip? May mata kayong di nakakakita at may taingang di nakakarinig? Hindi na ba ninyo naaalala nang pinira-piras ko ang limang tinapay para sa limang libo, ilang basket na puno ng mga pira-piraso ang inyong naipon?" At sumagot sila: "Labindalawa." "At nang may pitong tinapay para sa apat na libo, ilang bayong na puno ng mga pira-piras ang inyong naipon?" At sumagot sila: "Pito." At sinabi ni Jesus: "Hindi pa ba ninyo nauunawaan?"

BIRTHDAY: Rev. Fr. Ronaldo N. Guzman, MS
DATE OF ESTABLISHMENT: 2008, Jesus of Nazareth Parish

Pagmamasid

Marami pa rin sa atin ang nag-aalala kung may makakain ang pamilya sa araw-araw.

Pagpahawi

Tanong ni Jesus sa mga alagad kung bakit pinag-uusapan nila ang tinapay na wala sa kanila. Pinaalala Niya ang pinira-pirasong limang tinapay para sa limang libong tao, at labindalawang basket ng pira-pirasong tinapay na natira pa.

Pagtatabas

Lubos ba ang tiwala ko sa kabutihan at kalinga ng Diyos?

Pagsasaayos

Manalig tayo sa makapangyarihan at mapagmahal na Diyos na makakain tayo araw-araw sa grasya Niya at sa pagsisikap natin. Gamitin ang panahon at talento upang mamasukan o magkaroon ng kahit maliit na negosyo sa pang-araw-araw na gastusin. Pinapahalagahan nating Pilipino ang kahalagahan nang matapos ang pag-aaral, upang magkaroon at manatili ang mabuting trabaho.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa hindi mabilang Niyong biyaya sa aming buhay, pati na ang pang-araw-araw naming pagkain. Nawa, makatulong din kami sa mga kapwa naming nagugutom.

Ang Kuwaresma

Ang Panahon ng Kuwaresma ay nagsisimula sa Miyerkules ng Abo at nagtatapos sa Huwebes bago ang Pasko ng Pagkabuhay bago ang Pagmimisa sa Pagtatakinsilim sa Paghahapunan ng Panginoon. Mula roon hanggang sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay ay ipinagdiriwang ng Simbahan ang Banal na Tatlong Araw ng Pagdiriwang ng Pagpapakasakit at Pagkamatay, Paglilibing, at Muling Pagkabuhay ni Kristo.


Ang Kuwaresma ay nilalarawan sa pamamagitan ng penitensiya para sa ating mga nagawang kasalanan, mga gawa ng awa lalo na sa mga mahihirap, at personal na paghahanda para sa pagpapanibago ng ating mga pangako sa binyag sa Magdamagang Pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay. Ang Kuwaresma ay may dalawang katangian: penitensiya at binyag. Ang ating mga luha ng penitensiya ay nagpapanibago sa ating mga puso at kaluluwa nang tubig ng binyag.

Ang mga abo na ipinataw sa atin noong Miyerkules ng Abo ay nagpapaalala sa atin na tayo ay alabok at sa alabok tayo ay babalik at, samakatuwid, ang buong buhay ng isang Kristiyano ay dapat markahan ng mga gawa ng pagtatatwa sa sarili at pagkabukas-palad. Ang tradisyunal na disiplina ng Kuwaresma ay binubuo ng patuloy na pagdarasal at pagbabasa ng salita ng Diyos, pag-aayuno sa Miyerkules ng Abo at Biyernes Santo, pag-iwas sa karne tuwing mga araw ng Biyernes, at mga gawa ng awa lalo na sa mga taong may higit na pangangailangan sa buhay. Ang mahalaga, sa pamamagitan ng panalangin at mabubuting gawa ay pinahihintulutan natin ang biyaya ng Diyos na gumalaw upang magdulot nang pagbabago sa ating kalooban. Ang Sakramento ng Kumpisal ay nararapat na samahan tayo sa ating pagdiriwang ng Kuwaresma.

Ang Semana Santa ay ang pinakatampok na bahagi sa Panahon ng Kuwaresma. Nagsisimula ito sa prusisyon sa Linggo ng Palaspas at ang Pagbabasa ng Ebanghelyo ng Pagpapakasakit at Pagkamatay ng ating Tagapagligtas. Ang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem ay nagtapos sa Bundok ng Kalbaryo, ngunit batid natin na ang Biyernes Santo ay humantong sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay.

Ang mga pagbasa at paunang salita sa Bibliya ay nagbubunyi sa kabutihan ng pagbabagong-buhay, ang pangangailangang tuparin ang ating mga pangako sa binyag, ang may galak na pagtanggap sa araw-araw na mga pagsubok sa ngalan ng pag-ibig sa Diyos, at ang hindi makasariling paglilingkod sa lahat ng nangangailangan ng ating tulong.





Unang Pagbasa: Joel 2:12-18

Ikalawang Pagbasa: 2 Corinto 5:20—6:2

Ebanghelyo: Mateo 6:1-6, 16-18

Pag-ingatang huwag maging pakitang-tao lamang ang inyong mabubuting gawa. Kung ganito ang gagawin ninyo, wala na kayong gantimpala sa inyong Amang nasa langit. Kaya pag nagbibigay ka ng limos, huwag pahipan ang trumpeta sa unahan gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa sinagoga at sa mga daan; gusto nilang mapuri ng mga tao. Sinisiguro ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto.

Kaya kung ikaw naman ang magbibigay ng limos, huwag ipaalam sa iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay; at mananatiling lihim ang iyong paglilimos at ang iyong Amang nakakakita sa mga lihim ang siyang gagantimpala sa iyo.

Kung mananalangin kayo, huwag ninyong tularan ang mga mapagkunwari. Gustung-gusto nilang tumayo sa mga sinagoga o sa mga daan para manalangin nang nakikita ng marami. Sinisiguro ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto. At kung ikaw naman ang mananalangin, pumasok sa iyong silid, isara ang pinto at manalangin sa iyong Ama na kasama mo nang lihim; at ang iyong Ama na nakakakita sa ipinaglilihim ang gagantimpala sa iyo.

Pag mag-aayuno kayo, huwag magpakita ng lungkot sa mukha gaya ng mga mapagkunwari. Nagpapakita sila ng lungkot sa mukha para makita ng tao na nag-aayuno sila. Talagang sinasabi ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto. Kung ikaw naman ang mag-aayuno, maghilamos at ayusin ang sarili sapagkat hindi ka nag-aayuno para pakitang-tao lamang kundi para sa inyong Amang nakakakita sa lahat. At gagantimpalaan ka ng inyong Amang nakakakita sa lahat ng lihim.

PARISH FIESTA: Santo Kristo Parish

Pagmamasiid

Bakit madalas ipinamamalita ng mga tao ang kanilang mabubuting gawa, lalo na sa social media?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Pag-ingatang huwag maging pakitang-tao lamang ang inyong mabubuting gawa. Kung ganito ang gagawin ninyo, wala na kayong gantimpala sa inyong Amang nasa langit."

Pagtatabas

Kapag nagbibigay ako ng tulong, nasusunod ko ba ang payo ni Jesus?

Pagsasaayos

Magiging pakitang-tao ang mabubuting gawa, kung papuri ng ibang tao ang hangarin. Kailangan galing sa puso ang pagtulong sa kapwa, at walang hinihinging kapalit kaninuman.

Sapat na ang ligaya sa puso na nakatulong kahit sa munting paraan sa kapwa. Mas mabuti kung maialay sa Diyos ang anumang tulong sa kapwa, at ang lahat para sa kaluwalhatian Niya. Kalooban ng Diyos na mahalin natin ng wagas ang ating kapwa.

Pagdiriwang

Ama, turuan Mo po kaming maging bukas-palad para sa Iyo, na walang hinihinging gantimpala. Sapagkat lahat na meron kami, galing sa Iyong kabutihan at pagmamahal na kailangan ibahagi sa aming kapwa.

HUWEBES PAGKATAPOS NG MIYERKULES NG ABO

Salteryo: Linggo 4 / (Ube)

Salmo 1:1-2, 3, 4 at 6
*Mapalad ang umaasa
sa Panginoon tuwina.*



Unang Pagbasa: Deuteronomio 30:15-20

Tingnan mo, inihaharap ko sa iyo ngayon ang buhay at kabutihan, ang kamatayan at kasamaan. Iniuutos ko sa iyo ngayon na mahalin si Yaweng iyong Diyos at lumakad sa kanyang mga daan. Tuparin mo ang kanyang mga utos, mga tuntunin at mga batas, at mabubuhay ka at dadami at pagpapalain ka ni Yaweng iyong Diyos sa lupaing pupuntahan mo para angkinin. Ngunit kung lalayo ang puso mo at hindi ka makikinig, kung maaakit ka at yuyuko sa ibang mga diyos at maglilingkod sa kanila, ipinahahayag ko sa inyo sa araw na ito na kayo'y tiyak na mapupuksa. Hindi kayo mabubuhay nang matagal sa lupaing inyong angkinin pagkatawid sa Jordan.

Saksi ko ang langit at lupa laban sa inyo na iniharap ko na nga sa iyo ang buhay at kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa. Kaya piliin mo ang buhay upang ikaw at ang iyong lahi ay mabuhay sa pagmamahal kay Yaweng iyong Diyos, sa pakikinig sa kanyang tinig at sa pagkapit sa kanya. Ito ang buhay mo at ang haba ng iyong mga araw sa pagtira sa lupaing ipinangako ni Yawe na ibibigay sa iyong mga ninuno, kina Abraham, Isaac at Jacob."

Ebanghelyo: Lucas 9:22-25

Sinabi nga ni Jesus: "Kailangang magtiis ng marami ang Anak ng Tao. Itatakwil nga siya ng mga Matatanda ng bayan, ng mga punong-pari at ng mga guro ng Batas. Papatayin siya at muling babangon sa ikatlong araw."

Sinabi naman ni Jesus sa lahat: "Kung may gustong sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili at kunin ang kanyang krus araw-araw para sumunod sa akin. Sapagkat ang naghahangad na magligtas ng kanyang sarili ay mawawalan nito, at ang mawawalan ng kanyang sarili alang-alang sa akin ay siyang makapagligtas nito. Ano ang pakinabang ng tao tubuin man niya ang buong daigdig at mawawala naman o mapapahamak ang kanyang sarili?"

Pagmamasid

Ano ang mga bagay na hindi mo kayang bitiwan?

Paghahawi

Payo ni Jesus sa mga nais sumunod sa Kanya, itakwil ang kanilang sarili at pasanin ang kanilang krus araw-araw.

Pagtatabas

Gaano ako kahandang sumunod kay Jesus?

Pagsasaayos

Hindi madaling sumunod kay Jesus. Kailangan bitawan ang makamundo at makasariling bagay na nag-uudyok sa ating magkasala. Sa paglayo sa tukso at pagharap sa mga pagsubok, pinapasan natin ang ating krus. Makakapag-impok tayo ng kayamanan sa Langit na higit pa sa panandaliang kayamanang matatamasa sa lupa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, bigyan Niyo kami ng lakas ng loob na bitawan ang nagbibigay-saya sa amin, ngunit sumisira ng aming relasyon sa kapwa. Tulungan Niyo kaming pasanin ang aming krus araw-araw, at sumunod sa Iyo. Amen.



BIYERNES PAGKATAPOS NG MIYERKULES NG ABO

Salteryo: Linggo 4 / (Ube)

Araw ng abstinensya sa pagkain ng karne (edad 14 pataas).

Salmo 51:3-4, 5-6ab, 18-19

D'yos ko, iyong tinatanggap pakumbaba't pusong tapat.

Unang Pagbasa: Isaias 58:1-9a*

(...) "Bakit pa kami nag-aayuno," tanong nila, "samantalang di mo man lang iyon nakikita? Nagpapakasakit kami ngunit di mo napapansin." Ngunit, tingnan ninyo, sa araw ng inyong ayuno, wala kayong pinalalampas na pagkakataon at pinipilit gumawa ang lahat ninyong trabahador.

Oo, nag-aayuno nga kayo pero nauuwi naman sa away at pagtatalo, at pagsusuntukan ng mga kamao ng kasamaan. Hindi ang klase ng inyong pag-aayuno ngayon ang makapagpaparinig ng inyong tinig sa itaas.

Ganito ba ang ayunong kinalulugdan ko, isang araw para magpakumbaba ang tao? Pagtungo na lamang ba ito gaya ng tambo at paggamit ng sako at abo? Ito ba ang tinatawag mong pag-aayuno na isang araw na kalugud-lugod kay Yawe?

Di ba't ito ang ayunong kinalulugdan ko: lagutin ang tanikala ng kawalang-katarungan, at kalagin ang mga tali ng pamatok;

palayain ang mga api, at wasakin ang lahat ng pamatok; ibahagi ang iyong pagkain sa nagugutom, patuluyin ang mga dukhang walang masilungan, damitan ang nakikita mong hubad at huwag talikuran ang sarili mong dugo at laman. At parang umagang magbubukanliwayway ang iyong liwanag, at ang paggaling mo'y agad na lilitaw. Ang pagkamatuwid mo'y mangunguna sa iyo, Luwalhati ni Yawe ang tanod sa likod mo. Tatawag ka at tutugunin ni Yawe, sisigaw ka at sasabihin niyang "Narito ako."

Ebanghelyo: Mateo 9:14-15

No'y lumapit sa kanya ang mga alagad ni Juan at nagtanong: "May araw ng ayuno kami at ang mga Pariseo, at wala bang pag-aayuno ang iyong mga alagad?" Sinagot sila ni Jesus: "Puwede bang magluksa ang mga abay sa kasalan habang kasama pa nila ang nobyo? Darating ang panahon na aagawin sa kanila ang nobyo at sa araw na iyon sila mag-aayuno.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Joselito Cruz, FLP

Pagmamasad

Nag-aayuno ka ba? Kailan at bakit?

Paghahawi

Sa tanong kung nag-aayuno ang mga alagad Niya, sagot ni Jesus na mag-aayuno sila kung aagawin Siya sa kanila.

Pagtatabas

Ano ang kahalagahan ng pag-aayuno?

Pagsasaayos

Sabi ni Jesus, hindi kailangan ang pag-aayuno habang kasama Siya, sapagkat ang presensya Niya ang dahilan ng pagdiriwang. Ngunit kapag wala na Siya sa pisikal na anyo sa lupa, nagiging isang anyo ng sakripisyo at pag-aalay ang pag-aayuno.

May mga tao na nag-aayuno upang pumayat. Sa tradisyong Katoliko, isang uri ng sakripisyo ang hindi pagkain ng karne tuwing Biyernes ng Kuwaresma, lalo na para sa mga mahilig sa karne. Ngunit para sa iba na mas mahilig sa gulay at prutas, maaaring hindi ito gaanong mabigat.

Ang kusang pag-iwas sa mga bagay na nagbibigay kasiyahan ang tunay na diwa ng pag-aayuno. Bilang alay ito ng pagmamahal at kapurihan sa Diyos. Inialay ni Jesus ang Kanyang buhay para sa atin kaya't tinatawag rin tayo na pansamantalang bitawan ang kaginhawaan, bilang paghahanda sa mas malalim na paglilingkod sa Kanya.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, bigyan Niyo kami ng lakas ng loob na mag-ayuno sa kaginhawaan, bilang munting alay at pasasalamat sa malaking sakripisyo Ninyo para sa kaligtasan namin.

SABADO PAGKATAPOS NG MIYERKULES NG ABO

Salteryo: Linggo 4 / (Ube/Puti)

San Pedro Damian

Salmo 86:1-2, 3-4, 5-6

*Ituro mo ang 'yong loob
nang matapat kong masunod.*



Sabado
21 FEBRERO

Unang Pagbasa: Isaías 58:9b-14

Kung aalisin mo sa iyong piling ang pamatok, ang nandudurong daliri at masasakit na salita, kung magmamalasakit ka para sa nagugutom at bibigyang-ginhawa ang mga api, ang liwanag mo'y magniningning sa karimlan, ang iyong gabi'y matutulad sa katanghaliang-tapat.

Lagi kangapatnubayan ni Yawe, bibigyang-ginhawa sa mga tigang na lugar. Palalakasin niya ang iyong mga buto, matutulad ka sa harding husto sa dilig, tulad ng bukal na laging may tubig. Muling itatayo ang dati ninyong mga guho, ibabangon ang matatandang pundasyon; tatawagin kang Tagapagkumpuni ng Sirang-Pader, ang Tagapag-ayos ng mga-bahay-na-giba.

Kung ihihinto mo ang paglapastangan sa Araw ng Pahinga at paggawa ng tanang magustuhan sa aking araw na banal, kung tatawagin mong Kalugud-lugod ang Araw ng Pahinga at Kapita-pitagan ang banal na araw ni Yawe, kung ipagpipitagan mo iyon sa di pagpunta sa iyong mga lakad, sa di paggawa ng balanang magustuhan, at di pagsasalita ng walang kabuluhan kung gayo'y liligaya ka kay Yawe, sa kaitaasa'y matagumpay kang mangangabayo at magpipiging sa pamana ni Jacob na iyong ama pagkat bibig nga ni Yawe ang nagsalita.

Ebanghelyo: Lucas 5:27-32

Pagkatapos nito, nang lumabas si Jesus, nakita niya ang isang kolektor ng buwis na nagngangalang Levi na nakaupo sa paningilan ng buwis. Sinabi niya rito: "Sumunod ka sa akin." Tumayo naman ito, iniwan ang lahat at sumunod sa kanya.

Naghandog sa kanya si Levi ng isang marangyang handaan sa kanyang bahay at nakisalo sa kanila ang maraming kolektor ng buwis at iba pang mga tao. Dahil dito'y pabulong na nagreklamo ang mga Pariseo at ang panig sa kanilang mga guro ng Batas sa mga alagad ni Jesus: "Bakit kayo kumakain at umiinom kasama ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?" Sumagot naman si Jesus at sinabi sa kanila: "Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit. Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan tungo sa pagbabalik-loob."

Pagmamasisid

Handa rin ba nating isama ang ating komunidad sa ating karanasan ng pananampalataya?

Paghahawi

Matapos tawagin ni Jesus, naghandog si Levi ng isang marangyang handaan sa kanyang bahay, at nakisalo sa kanila ang maraming kolektor ng buwis at iba pang mga tao.

Pagtatabas

Bilang tagasunod ni Jesus, paano tayo makakahikayat ng mga kaibigan at kamag-anak na sumampalataya sa Kanya?

Pagsasaayos

Ibinahagi ni Levi sa kapwa ang natamong kaligtasan at pagbabagong biyaya sa pagkakakilala kay Jesus. Ito rin ang tawag ng ating buhay kay Kristo, magpalaganap ng Kanyang biyaya at magbahagi ng mga turo at aral Niya. Simulan natin sa ating pamilya, kapitbahay, kaibigan, at katrabaho.

Pagdiriwang

Papuri sa Inyo, Ama, sa biyaya ng Inyong tawag. Nawa, maibahagi namin sa kapwa ang iyong pagmamahal at handog Mong kaligtasan. Amen.



UNANG LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 51:3-4, 5-6, 12-13, 17

Poon, iyong kaawaan
kaming sa'yo'y nagsisuwat.

Unang Pagbasa: Genesis 2:7-9; 3:1-7

Pagkatapos ay hinubog ni Yawe-Diyos ang Tao mula sa alabok ng lupa, at inihinga sa ilong nito ang hininga ng buhay, at nabuhay ang Tao. Nagtanim ang Diyos ng isang hardin sa Eden, sa silangan; at doon niya inilagay ang Taong kanyang hinubog. Pinasibol ni Yawe-Diyos sa lupa ang lahat ng punongkahoy na maganda sa tingin at mabuting kainin. At inilagay niya sa gitna ng hardin ang Puno ng Buhay at ang Puno ng Kaalaman tungkol sa Mabuti at Masama.

Pinakatuso ang ahas sa lahat ng mababangis na hayop na ginawa ni Yawe-Diyos. Sinabi nito sa babae: "Sinabi ba talaga ng Diyos – Hindi kayo dapat kumain ng bunga ng alinmang puno sa hardin?" Sinabi ng babae sa ahas: "Makakain namin ang mga bunga ng mga puno sa hardin, ngunit para sa bunga ng punong nasa gitna ng hardin sinabi ng Diyos – Huwag ninyong kakanin iyon ni hipuin man lang, kung hindi'y mamamatay kayo."

Sinabi ng ahas sa babae: "Hindi kayo mamamatay, ngunit alam ng Diyos na sa oras na kainin ninyo iyon, mamumulat ang inyong mga mata at matutulad kayo sa mga diyos na alam ang mabuti at masama." Sa tingin ng babae ay katakam-takam ang bunga ng puno at masarap kainin – at tunay na magandang paraan upang magtamo ng kaalaman. Kaya pumitas siya ng mga bunga niyon at kumain, at inabutan niya kaagad ang kanyang asawa na kasama niya. At kumain din iyon. Namulat sila kapwa at nalaman nilang sila ay hubad. Kaya pinagtagni-tagni nila ang mga dahon ng igos at ginawa nilang tapi.

Ikalawang Pagbasa: Roma 5:12-19 (o 5:12, 17-19)

Sa pamamagitan ng iisang tao pumasok ang kasalanan sa daigdig; at sa pamamagitan ng kasalanan, ang kamatayan. At umabot ang kamatayan sa lahat ng tao dahil nagkasala ang lahat. Nasa daigdig na ang kasalanan, pero wala pang matatawag na paglabag dahil wala pang Batas. Kaya mula kay Adan hanggang kay Moises, napailalim sa kamatayan maging ang mga hindi nagkasala dahil sa paglabag sa utos – gaya ni Adan – na siyang anino lamang ng ibang darating na Adan.

Ganyan ang pagkadapa. Ngunit walang kaparis ang bisa ng kaloob ng Diyos. Namatay ang lahat dahil sa kasalanan ng isa lamang; ngunit mas dumadami pa ang regalo ng Diyos, ang masaganang libreng kaloob na umabot sa napakaraming tao mula sa isang tao na si Jesucristo. Noo'y may isang makasalanan lamang. Mas malawak naman ang kaloob. Mula sa isang hinatulan ang paghatol, ngunit ngayon, marami ang mga makasalang naging matuwid. Iisa ang nagkasala noon, at mula sa iisa lamang naghari ang kamatayan, ngunit ngayon, kay sagana ng kaloob na regalo ng kabanalang tinatanggap ng mga maghahari sa kaharian ng buhay sa pamamagitan ng iisang Jesucristo!

Nauwi nga sa paghatol sa lahat ng tao ang kasalanan ng isang tao; gayon din naman mauuwi sa kabanalan at buhay para sa lahat ng tao ang banal na gawa ng isang tao. Maraming nailagay sa kasalanan bunga ng pagsuway ng isang tao; marami rin naman ang ginagawang matuwid dahil sa pagsunod ng isang tao.


Ebanghelyo: Mateo 4:1-11

At dinala ng Espiritu si Jesus sa disyerto upang tuksuhin siya ng diyablo. Pagkatapos ng apatnapung araw at apatnapung gabing di kumakain, nagutom si Jesus. Kaya lumapit sa kanya ang demonyo at sinabi: "Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, utusan mo ang mga batong ito na maging tinapay." Ngunit sumagot si Jesus: "Sinasabi ng Kasulatan: *Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao kundi sa bawat namumutawi sa bibig ng Diyos.*"

Dinala naman siya ng diyablo sa Banal na Lunsod, inilagay siya sa nakausling pader ng Templo, at sinabi: "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, tumalon ka paibaba pagkat sinasabi ng Kasulatan: *Utusan ng Diyos ang kanyang mga anghel para sa iyo. Bubuhatin ka nila upang hindi matisod ang iyong paa sa bato.*" Sumagot si Jesus: "Ngunit sinasabi rin ng Kasulatan: Huwag mong hamunin ang Panginoon mong Diyos."

At agad na dinala ng diyablo si Jesus sa isang napakataas na bundok at ipinakita sa kanya ang lahat ng bansa ng daigdig sampu ng kayamanan at kadakilaan ng mga ito. At sinabi sa kanya: "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng ito kung luluhod ka at sa-samba sa akin." Kaya sumagot si Jesus: "Lumayo ka, Satanas! Sinasabi nga ng Kasulatan: *Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos; siya lamang ang iyong paglilingkuran.*"

Kaya iniwan siya ng diyablo at lumapit naman ang mga anghel at naglingkod sa kanya.



"Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao kundi sa bawat namumutawi sa bibig ng Diyos."

DATE OF ESTABLISHMENT: 1986, Sto. Niño de Bagong Silang Parish
PARISH FIESTA: St. Peter Parish: Shrine of Leaders

Pagmamasiid

Paano ka umiiwas sa mga tukso at masamang gawain?

Paghahawi

Sinabi ng demonyo kay Jesus: "Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, utusan mo ang mga batong ito na maging tinapay." Sagot ni Jesus: "Sinasabi ng Kasulatan: Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao kundi sa bawat namumutawi sa bibig ng Diyos."

Pagtatabas

Paano natin isinasabuhay ang Kanyang aral sa gitna ng tukso, pagod, o panghihina?

Pagsasaayos

Ipinaglaban ni Jesus sa demonyo ang Salita ng Diyos upang masupil ang masamang hangarin. Hindi lamang kwento ang Ebanghelyo, gabay, lakas, at liwanag ito sa ating paglalakbay. Ugaliin nating basahin, namnamin, at pagnilayan ang Kanyang Salita, upang sa oras ng kahinaan, may sandata tayo ng katotohanan at pag-asa.

Pagdiriwang

Panginoon, salamat sa Iyong Salita na nagbibigay lakas sa gitna ng tukso. Nawa'y maging buhay Ka sa aming puso, isipan, at gawa, at sa bawat pagsubok, Ikaw ang aming sandigan at tagumpay.

Lunes
PEBRERO

23



UNANG LINGGO SA KWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube/Pula/Puti)

San Policarpo

Salmo 19:8, 9, 10, 15

*Espiritung bumubuhay ang salita
ng Maykapal.*

Unang Pagbasa: Levitico 19:1-2, 11-18

Ebanghelyo: Mateo 25:31-46

Pagdating ng Anak ng Tao sa kanyang Kaluwalhatian kasama ng lahat niyang mga anghel, uupo siya sa maluwalhati niyang trono. Dadalhin sa harap niya ang lahat ng bansa at parang isang pastol na inihihwalay ang mga tupa sa mga kambing, gayundin niya paghihiwa-hiwalayin ang mga tao. Ilalagay niya ang mga tupa sa kanan niya at ang mga kambing sa kaliwa.

Sasabihin ng Hari sa mga nasa kanan niya: 'Halikayo, pinagpala ng aking Ama! Manahin ninyo ang kahariang inianda para sa inyo mula pa sa simula ng daigdig. Sapagkat nagutom ako at inyong pinakain, nauhaw ako at inyong pinainom. Naging dayuhan ako at pinatuloy ninyo ako. Nang ako'y hubad, dinamitan ninyo ako; nang maysakit ako, binisita ninyo ako. Nang ako'y nasa bilangguan, dinalaw ninyo ako.'

At itatanong sa kanya ng mabubuti: 'Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom at pinakain, nauhaw at pinainom, isang

dayuhan at pinatuloy, at walang suot at dinamitan? Kailan ka namin nakitang maysakit o nasa bilangguan at nilapitan?' Sasagutin sila ng Hari: 'Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman ang gawin ninyo sa isa sa maliliit na ito na mga kapatid ko, sa akin ninyo ginawa.'

Pagkatapos ay sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa niya: 'Mga isinumpa, lumayas kayo sa harap ko tungo sa apoy na walang katapusan na inianda para sa diyablo at sa mga anghel nito! Sapagkat nagutom ako at di ninyo binigyan ng makakain, nauhaw at di ninyo pinainom, naging dayuhan ako at di ninyo pinatuloy, maysakit at nasa bilangguan at di ninyo binisita.'

Kaya itatanong din nila: 'Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom, nauhaw, dayuhan, hubad, maysakit o nakabilanggo, at di ka namin pinaglingkuran?' Sasagutin sila ng Hari: 'Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman ang di ninyo ginawa sa isa sa maliliit na ito, hindi ninyo ginawa sa akin.'

At pupunta ang mga ito sa walang hanggang parusa, ngunit sa walang hanggang buhay naman ang mga makatarungan."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Ross C. Dela Cruz, SSCC

Pagmamasiid

May mga kapwa tayong namumuhay sa laylayan ng lipunan. Handa ba tayong tumulong sa mga pangangailangan nila?

Paghahawi

Itatanong sa Hari ng mabubuting tao: "Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom at pinakain, nauhaw at pinainom, isang dayuhan at pinatuloy, at walang suot at dinamitan? Kailan ka namin nakitang may sakit o nasa bilangguan at nilapitan?" Sagot ng Hari: "Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman ang gawin ninyo sa isa sa maliliit na ito na mga kapatid ko, sa akin ninyo ginawa."

Pagtatabas

Tumutulong ba ako sa aking kapwa sa kahit anong estado ng pamumuhay?

Pagsasaayos

Inaanyayahan tayong kumilos at tumulong, sapagkat ang kapwa nating nangangailangan ang siyang larawan ni Jesus sa ating panahon. Sa simpleng pagbabahagi, pagbisita, o pakikiramay, naisasabuhay natin ang pananampalataya at naipadama ang pag-ibig ng Diyos.

Pagdiriwang

Ama, buksan Mo po ang aking mga mata, at bigyan ng pusong mapagkalinga sa mga nangangailangan sa aming paligid. Amen.

UNANG LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 34:4-5, 6-7, 16-17, 18-19

*Mat'wid ay tinutulungan
sa lahat ng kagipitan.*



Unang Pagbasa: Isaias 55:10-11

Bumababa buhat sa langit ang ulan at niyebe at di nagbabalik doon hangga't ang lupa'y di nadidilig at pinasisibol ito at pinasusupling hanggang mamunga ito ng mga butong panghasik at tinapay na pagkain, gayundin naman ang aking salita na lumalabas sa aking bibig; hindi iyon babalik sa akin nang walang nagagawa kundi gagawin nito ang aking nais at tutuparin kung bakit ko ito isinugo.

Ebanghelyo: Mateo 6:7-15

Pag mananalangin kayo, huwag kayong magsalita nang magsalita gaya ng ginagawa ng mga pagano; naniniwala nga sila na mas pakikinggan sila kung marami silang sinasabi. Huwag kayong tumulad sa kanila. Alam ng inyong Ama ang mga pangangailangan ninyo bago pa man kayo humingi.

Kaya, ganito kayo manalangin: Ama naming nasa Langit, sambahin ang Ngalan mo, dumating ang Kaharian mo, sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa Langit.

Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw, patawarin mo ang aming mga pagkakautang gaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakautang sa amin.

Huwag mo kaming dalhin sa tukso, at iligtas mo kami sa Masama. Kung patatawarin ninyo ang mga nagkasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa Langit. At kung hindi ninyo patatawarin ang mga nagkasala sa inyo, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama.

Pagmamasid

Gaano kalalim ang ating buhay panalangin para labanan ang mga tukso sa ating paligid? Lalo na ang tukso sa pagkimkim ng sama ng loob sa kapwa?

Pagbahawi

Payo ni Jesus: "...ganito kayo manalangin...Huwag mo kaming dalhin sa tukso, at iligtas mo kami sa masama. Kung patatawarin ninyo ang mga nagkasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa Langit."

Pagtatabas


Paano ako umiiwas sa mga tukso na nag palayo sa akin sa Diyos? Humihingi ba ako ng tawad sa mga nasaktan ko?

Pagsasaayos

Nagbibigay ng lakas at tibay ng loob ang panalangin, upang maka-iwas sa tukso at kapahamakan. Itinuro sa atin ni Jesus na manalangin sa Ama. Kung sa sariling lakas aasa, hindi natin makakayan na labanan ang malakas na pang-aakit ng kasamaan. Pagsikapan nating manalangin lagi, upang mapalapit sa Diyos.

Pagdiriwang

Ama, patawarin Niyo kami sa aming mga kasalanan, ilayo sa tukso, at tulungan Niyo kaming iayos ang aming ginagawa ayon sa Kalooban Niyo.



UNANG LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 51:3-4, 12-13, 18-19

*D'yos ko, iyong tinatanggap
pakumbaba't pusong tapat.*

Unang Pagbasa: Jonas 3:1-10

Pangalawang beses na dumating kay Jonas ang salita ni Yawe: "Pumunta ka sa Malaking Siyudad, ang Ninive, at ipahayag doon ang mensaheng ibinibigay ko sa iyo." Umalis si Jonas at pumunta sa Ninive gaya ng iniutos sa kanya ni Yawe. Napakalaking siyudad ang Ninive, at tatlong araw ang kailangan para lakarin ito. Kaya pumasok si Jonas sa siyudad at maghapong naglakad at sinimulang ipangaral: "Wawasakin ang Ninive sa loob ng apatnapung araw." Naniwala sa Diyos ang mga taga-Ninive, at nagdeklara ng pag-aayuno at nagdamit-sako silang lahat mula sa pinakadakila hanggang sa pinakaaba.

Umbot ang balita sa hari ng Ninive, at tumindig siya mula sa kanyang trono, hinubad ang damit pangmaharlika at nagsuot ng sako at naupo sa abo. At nagpalabas siya ng isang proklamasyon sa buong Ninive: "Sa utos ng hari at ng kanyang mga opisyal, walang tao o hayop, tupahan o bakahan, na titikim ng anuman, ni kakain o iinom. Ngunit magsuot ng sako ang mga tao at mga hayop. Matiyagang tumawag ang lahat sa Diyos, lumayo sa masasama nilang gawi at karahasan. Sino ang may alam? Baka maglubag pa ang Diyos at talikuran ang nag-aapoy niyang galit sa pagkahabag sa atin at di tayo malipol."

Nang makita ng Diyos ang kanilang ginawa at ang pagtalikod nila sa masasama nilang gawi, nagbago siya at ayaw na niyang isagawa ang kanyang banta.

Ebanghelyo: Lucas 11:29-32

Nang dumadagsa na ang mga tao, nag-simulang magsalita si Jesus: "Masamang lahi ang lahing ito; humihingi ito ng palatandaan pero walang ibang palatandaang ibibigay rito kundi ang palatandaan ni Jonas. At kung paanong naging palatandaan si Jonas para sa mga taga-Ninive, gayundin naman ang Anak ng Tao para sa mga tao sa kasalukuyan. Sa paghuhukom, babangon ang Reyna ng Timog kasama ng mga lalaki ng lahing ito at hahatulan sila. Sapagkat dumating siya mula sa kabilang dulo ng mundo para masaksihan ang karunungan ni Solomon at dito'y may mas dakila pa kay Solomon. Sa paghuhukom, babangon ang mga lalaking taga-Ninive kasama ng salinlahing ito at hahatulan nila ito dahil nagbalik-loob sila sa pangangaral ni Jonas; at dito'y may mas dakila pa kay Jonas.

Pagmamaisid

Meron ba akong hinihintay na tanda sa paligid, upang magbago at maging mabuting tao?

Paghahawi

Nagsalita si Jesus sa mga tao na humihingi ang lahi nila ng palatandaan, pero walang ibang palatandaang ibibigay dito kundi ang palatandaan ni Jonas sa mga taga-Ninive. Gayundin, palatandaan ang Anak ng Tao para sa mga tao sa kasalukuyan.

Pagtatabas

Palatandaan ba sa iyo ang Anak ng Tao, ang Panginoong Jesus?

Pagsasaayos

Bilang palatandaan ng mga Taga-Ninive, hinikayat ni Jonas na magsisi sila, talikuran ang masamang gawa, at magbagong buhay. Ganito rin ang mensahe sa atin ni Jesus, bilang palatandaan nating lahat.

Isang pusong mapagkumbaba at nananalig kay Jesus ang susunod sa tawag Niya, na sumusunod din sa bilin ng Ama. Kaligtasan ang alay ni Jesus. Ito ang magdadala sa atin sa Ama.

Pagdiriwang

Salamat, Ama, sa paanyaya ni Jesus at biyaya ng kaligtasan. Tulungan Niyo kaming lubos Kayong makilala, upang makapiling namin Kayo sa Inyong Kaharian.

UNANG LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 138:1-2ab, 2kde-3, 7k-8

*Noong ako ay tumawag,
tugon mo'y aking tinanggap.*



Unang Pagbasa: Ester C:12, 14-16, 23-25

Sa pamimighati sa harap ng kamatayan ay dumulog din si Reyna Ester sa Panginoon. Dimalangin siya sa Panginoong Diyos ng Israel:

Panaginoon, aming hari at tanging Diyos, iligtas mo ako. Nag-iisa ako, walang makatutulong liban sa iyo, sa panganib na itong pinili kong pagsuungan ng aking buhay.

Mula pa sa pagsisilang sa akin sa tribu ng aking mga magulang ay narinig ko nang ikaw ang humirang sa Israel, O Panginoon, sa lahat ng bayan, at sa aming mga magulang buhat sa kanilang mga lahi upang maging walang hangang pamana mo. At tinupad mo ang lahat ng iyong ipinangako.

Alalahanin mo kami, Panginoon, at ihayag mo ang iyong sarili sa panahon ng aming pangkabagabag.

Palakasin mo ako, Hari ng mga Diyos at Panginoon ng lahat ng puno. Gawin mong mapang-akit ang aking mga salita kapag humarap na ako sa Leon; italikod mo ang kanyang puso sa aming kaaway upang ito at ang mga katulad nito ay magwakas.

Iligtas kami ng iyong kamay, tulungan ako naisang ulila at walang tagatangkilik kundi ikaw, O Panginoon.

Ebanghelyo: Mateo 7:7-12

Humingi at kayo'y bibigyan; maghanap at matatagpuan ninyo; kumatok at buksan ang pinto para sa inyo. Talaga ngang tumatanggap ang humihingi, nakakakita ang naghahanap, at pagbubuksan ang kumakatok. Sino sa inyo ang magbibigay ng bato sa kanyang anak kung tinapay ang hinihingi nito? Sino ang magbibigay ng ahas kung isda ang hinihingi nito? Kahit masama kayo, marunong kayong magbigay ng mabuting bagay sa inyong mga anak. Gaano pa kaya ang inyong Amang nasa Langit? Magbibigay siya ng mabubuting bagay sa mga hihingi sa kanya.

Kaya gawin ninyo sa iba ang gusto ninyong gawin sa inyo, ito ang nasa Batas at Mga Propeta.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Noel N. Bacasnot

Pagmamasad

Ano ang una mong gagawin kapag nakakita ka ng taong nangangailangan?

Paghahawi

Wika ni Jesus: "Kahit masama kayo, marunong kayong magbigay ng mabuting bagay sa inyong mga anak. Gaano pa kaya ang inyong Amang nasa Langit? Magbibigay siya ng mabubuting bagay sa mga hihingi sa kanya. Kaya gawin ninyo sa iba ang gusto ninyong gawin sa inyo, ito ang nasa Batas at Mga Propeta."

Pagtatabas

Ano ang motibasyon ko sa paggawa ng kabutihan sa aking kapwa? Naghihintay ba ako ng kapalit sa aking mabuting gawa?

Pagsasaayos

Gawin nating pangunahing layunin ang pag-ibig sa ating puso—una sa Diyos, at pangalawa sa kapwa. Patuloy ang Diyos sa pagbibigay ng mabubuting bagay sa atin, kaya marapat lamang na ibahagi natin ang Kanyang kabutihan, maliit man o malaki, sa ating kapwa.

Sa ganitong paraan, naipapakita rin natin ang ating pag-ibig sa Diyos. Magbahagi tayo ng anumang biyayang tinanggap natin, sapagkat hindi mahihigitan sa pagbuhos ng pagpapala ang Ama —kahit hindi tayo humingi.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa Inyong wagas na pag-ibig. Nawa, maipakita rin namin lagi ang aming pagmamahal at pasasalamat sa Iyo sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon kasama ng Espiritu Santo. Amen.

Biernes

PEBRERO

27



UNANG LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube/Puti)

San Gregorio ng Narek

Araw ng abstinensya sa pagkain ng karne
(edad 14 pataas).

Salmo 130:1-2, 3-4, 5-7a, 7bk-8

*Hiling nami'y'yong limutin
tanang kasalanan namin.*

Unang Pagbasa: Ezekiel 18:21-28

Ebanghelyo: Mateo 5:20-26

Sinasabi ko sa inyo na kung hindi mas ganap ang inyong kabanalan kaysa sa mga guro ng Batas at mga Pariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Langit.

Narinig na ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno: *Huwag kang papatay*; ang sinumang pumatay ay lilitisin. Sinasabi ko naman sa inyo: Ang sinumang magalit sa kanyang kapatid ay lilitisin. Ang sinumang manuya sa kanyang kapatid ay lilitisin sa Sanggunian.

At ang sinumang manghiya sa kanyang kapatid ay nararapat lamang itapon sa apoy ng impiyerno. Kaya sa paglalagay mo sa altar ng iyong hain at naalaala mong may reklamo sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong hain sa harap ng altar at puntahan mo ang iyong kapatid para makipagkasundo sa kanya. At saka ka bumalik at ialay ang iyong hain sa Diyos.

Makipagkasundo na sa iyong kaaway habang papunta pa kayo sa hukuman, at baka ipaubaya ka niya sa hukom na magpapaubaya naman sa iyo sa pulisya na magkukulong sa iyo. Talagang sinasabi ko sa iyo: hindi ka makalalabas hangga't di mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo.

Pagmamasid

Kapag may reklamo ang kapwa ko tungkol sa akin, ano ang ginagagawa ko?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Kaya sa paglalagay mo sa altar ng iyong hain, at naalaala mong may reklamo sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong hain sa harap ng altar, at puntahan mo ang iyong kapatid, para makipagkasundo sa kanya. Saka ka bumalik, at ialay ang iyong hain sa Diyos."

Pagtatabas

Sa kapwa kong nagreklamo tungkol sa akin, kaya ko bang makipag-usap sa kanya, humingi ng tawad at makipag kasundo?

Pagsasaayos

Mainam na makipagkasundo muna bago mag-alay ng hain. Ito ang nais ni Jesus. Pagnilayan natin ang ating kalooban at mga kahinaan, upang maging mahinay tayo sa pagpansin at paghusga ng mga kasalanan ng iba, lalo na ng ating kaaway. Madali nating mauunawaan ang sitwasyon, kapag bukas ang ating puso at pananaw sa kinalalagan ng iba. Makipagkaisa tayo sa lahat, dahil pakikipagkaisa rin ito kay Jesus, tungo sa kabanalan.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, itulot mong mag-iral ang pag-unawa sa kalagayan ng aking kapwa, upang maging madali ang pagkakasundo namin.

UNANG LINGGO NG KUWARESMA

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 119:1-2, 4-5, 7-8

Mapalad ang sumusunod
sa utos ng Poong Diyos.



Unang Pagbasa: Deuteronomio 26:16-19

"Iniuutos sa iyo ngayon ni Yaweng iyong Diyos na tuparin ang mga tuntunin at mga batas na ito. Tuparin mong mabuti ang mga ito nang buo mong puso at nang buo mong kaluluwa.

Kaya ganito mo ipinapadeklara ngayon kay Yawe na siya ang magiging Diyos mo kaya lalakad ka sa kanyang mga daan, tutuparin ang kanyang mga tuntunin, mga utos at mga batas, at makikinig sa kanyang tinig.

At ipinadeklara naman ngayon sa iyo ni Yawe na ikaw ang magiging sarili niyang bayan, tulad ng sinabi niya sa iyo, at tutuparin mo naman ang lahat niyang utos. At itatampok ka niya sa karangalan, katanyagan at luwalhati sa lahat ng bansang ginawa niya, at ikaw ang magiging bayang banal kay Yaweng Diyos mo, gaya ng kanyang sinabi."

Ebanghelyo: Mateo 5:43-48

Narinig na ninyo na sinabi: *Mahalin mo ang iyong kapwa at kamuhian ang iyong kaaway.* Ngunit sinasabi ko sa inyo: Mahalin ninyo ang inyong kaaway, at ipagdasal ang mga umuusig sa inyo. Sa ganito kayo magiging mga anak ng inyong Amang nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa kapwa masama at mabuti, at pinapapatak niya ang ulan sa kapwa makatarungan at di-makatarungan.

Kung mahal ninyo ang nagmamahal sa inyo, bakit kayo gagantimpalaan? Di ba't ginagawa rin ito ng mga kolektor ng buwis? At kung ang mga kapatid ninyo lamang ang inyong binabati, ano ang naiiba rito? Di ba't ginagawa rin ito ng mga pagano?

Kaya maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng inyong Amang nasa langit.

Pagmamasisid

Kung sa mga bansang nasa digmaan may tigil-putukan, may ganun din kaya sa ating mga tao?

Paghahawi

Turo ni Jesus: "Mahalin ninyo ang inyong kaaway, at ipagdasal ang mga umuusig sa inyo. Sa ganito kayo magiging mga anak ng inyong Amang nasa langit."

Pagtatabas

Paano ko ipinapakita ang aking pagmamahal sa aking kaaway?

Pagsasaayos

Walang hindi kaya, kapag humingi tayo ng tulong sa ating Panginoon. Kung sa ating sarili lamang, hirap tayong magpatawad at makipagkasundo sa nakaalitan, at lalo na sa ating kaaway.

Laging handa ang Diyos na tulungan tayo. Biyaya Niya ang magbibigay sa atin ng kakayahang magmamahal sa mahirap ibigin, umunawa sa ating kaaway, at magpatawad sa nakasakit sa ating damdamin.

Pagdiriwang

Napakawagas ng Inyong pag-ibig, Ama. Salamat sa Iyong biyayang tanging lakas ko, upang magmamahal at magpatawad ng aking kapwa.